


PAGTALIKOD SA LAHAT

 Makakaupo na kayo. Nais kong batiin ng magandang gabi ang lahat. Ikinagagalak ko nang lubos na ako'y nakaparito sa gabing ito. Sadyang itinuturing ko na dakilang pribilehiyo ang makaparito, sa kalugud-lugod na bagong simbahan na ito, para sambahin ang Panginoon. Talagang inaasam na namin ito noon, na makabisita rito, nang matagal-tagal na rin, para sa pagkakataon na makasama ang mga tao sa pagbubuklod, at matamasa ang mga pagpapala, at umaasa na kami'y magiging pagpapala sa inyo na mga narito. At habang ang sanlinggo ay nag-uumpisang dumaan na ngayon, at hayan po na alam namin na papalapit na ang kombensyon, magsisimula na ng Huwebes.

² At narinig ko lang nitong hapon, kay Kapatid na Williams, na may malaking sorpresa para sa atin sa Huwebes ng gabi. Si Kapatid na Oral Roberts po kasi'y makakasama natin, para mangusap, Miyerkules ng gabi. Yun nga'y tunay na malaking sorpresa para sa atin pong lahat, dahil si Kapatid na Oral ay tunay nga namang mabisa sa pagsasalita. At mainam na siya'y makatagpo ko, nang personal, uli, makamayan siya.

³ At kami kagabi'y naroon sa Tempe, sa Assembly of God, sa tingin ko, sa dako roon. At—at tunay na nagtamasa kami ng kahanga-hangang panahon kagabi sa Tempe. At kami nama'y nagtatamasa ng mainam na panahon sa bawat simbahan na aming binibisita rito sa lugar ng Phoenix, at maging doon sa Tempe. At talagang abot-abot ang pasasalamat namin sa mga bagay na ito, na di namin halos maihayag ito.

⁴ Masyadong madalang na nabibigyan ako ng pagkakataon na gawin ito, na bibisita para sa isang gabi sa bawat simbahan, at makapangusap sa mga tao at sa mga kapatirang ministro. At binibigyan ako nito ng munting pagkakataon na masaysay ang aking pagtanaw ng pasasalamat sa mga taong ito, sa iba't ibang mga denominasyon na ito at grupo ng mga tao. Dahil, hayan po, sila'y malalaking mga tagapagtaguyod sa pagmimisyon, sa pagmimisyon sa ibang bansa at sa iba't ibang lugar, at sa paraan na ito'y nahahayag ko kahit kaunti ang nararamdaman ko para sa kanila, na pagtanaw ng pasasalamat.

⁵ At nakadako na kami sa mga independyente at sa... Sa tingin ko, sa Church of God, Assemblies, at sa bawat isa; at, sa ibayong-dagat, sa Foursquare, Church of God, Assembly of God, at sa Jesus Name. At, sa lahat, hayan nga't ang lahat ay tila naglalakip po na iisa kapag nagkakasama-sama kami para magkaroon ng pagtitipon doon sa dako ng pagmimisyon. At, alam n'yo, dito sa bansa marahil may mga ide-ideya na tayo'y

may pagkakaiba-iba, pero pagdating sa dako ng pagmimisyon, aba, wala na 'yung pagkakaiba-iba. Kita n'yo?

⁶ Ako po'y lumaki sa isang malaking pamilya. Sampu kami na mga bata. At kami na mga batang lalaki'y nagpupunta roon sa likurang-bakuran, at nag-aaway kami, oh, naku. Siyam ba naman na batang lalaki, isang babae, at talagang nagaaway-away kami. Pero wala ngang makikipag-away sa isa sa amin, doon sa harapan ng bahay, dahil, isa lang ang aawayin sa amin, sasagupain nila ang lahat na mga Branham na manggagaling na lang sa kung saang direksyon. Kaya iniisip ko na ganoon din 'yan sa mga anak ng Diyos, ang Iglesya.

⁷ Dito mga ilang taon ang nakararaan, nasa Houston ako, at nagdaraos kami ng isang napakainam na pagtitipon. At doon kasama. . . May ilang mga tagapagtaguyod ako roon; si Kapatid na Raymond Richey, at—at ang Assemblies of God, at ang—at ang mga taga-Jesus Name, at lahat ng iba-iba pa. At kami'y nagdaraos ng isang napakainam na pagtitipon. At nandun kami noon sa Music House. Buweno, nasa walong libo ang napaupo namin dun, sa palagay ko.

⁸ At may isa pong—isa pong Baptist na ministro dun na gusto akong hamunin sa isang debate, sa Biblia, na ang Makalangit na pagpapagaling daw ay di tama. Buweno, marami na akong nakatagpo na ganoon. Bakit ko sasayingin ang isang gabi sa isang di-mananampalataya, gayong nasa libo-libo ang nakaupo roon na nagnanais na maipanalangin sila, kita n'yo? Kaya ang nangyari'y inilagay niya sa pahayagan, na takot daw akong makipag-debate.

⁹ At si tandang Kapatid na Bosworth, na noon ay halos mag-ootsenta anyos na, sabi niya, “Oh, hayaan mong ako na lang.”

¹⁰ At naisip ko si Caleb, alam n'yo, “Hayaan mong kunin ko ang bundok na ito.” Kaya sabi ko, “Kapatid na Bosworth, di ko—di ko po gustong makipagtalo ka. Ayaw ni Cristo na tayong mga Cristiano'y magtatalo-talo sa isa't isa. Kung ang lalaking 'yun ay isang di-mananampalataya, hayan nga, siya'y talagang di-mananampalataya, ganoon mismo. Wala ka nang magagawa tungkol dun.”

¹¹ At pagkatapos sabi niya, “Buweno, ang kaso lang,” sabi, “kung hahayaan lang natin, matapos na ilathala nila 'yun sa pahayagan,” sabi, “sasabihin nila na ano lang tayo, alam mo, na di raw natin alam ang sinasabi natin, na kunwa-kunwariang emosyon lang ito.” Sabi niya, “Nais ko sanang ibigay mo sa'kin ang pagkakataong ito.” At tumingin ako sa kanya na nakatayo roon, halos mag-ootsenta anyos na, at talagang buo ang loob sa Kasulatang 'yun.

¹² Sabi ko, “Buweno, Kapatid na Bosworth, kung iaabot mo sa akin ang kamay mo at mangangako ka na hindi po kayo makikipagtalo.”

13 Sabi niya, “Oh, hindi ako makikipagtaló.” Kaya bumaba na siya, para sabihin sa taga-ulat.

14 At hayán nga, alam n’yo naman kung gaanong kabilis ’yan ipakalat ng mga pahayagan, kita n’yo. “Wawagayway ang bandera ng mga teologo,” alam n’yo.

15 Nirentahan namin ’yung stadium, na pinagdarausan ng rodeo, at nung gabi na ’yun nasa halos tatlumpung libong katao ang pumaroon. At mangyari nga na naipakita dun, na may mga taong nagpunta sakay ng eroplano, tren. Sinasabi ko nga sa inyo, na sila’y animo’y sakay ng mga kamelyong isa ang umbok, mga kamelyong dalawa ang umbok, at mga kamelyong tatlo ang umbok, pero lahat sila’y umiinom mula sa balon na ’yun kung saan may sapat para sa lahat, pare-pareho. Ang lahat po’y sama-sama. At ipinapakita lang po. . . Nakatanggap ako ng dakilang pagpapala dahil dun, sa pagbubulay ko nun. Kita n’yo, na kapag may dumarating na pagsubok, may isa lang tayo na pare-pareho, lahat tayo’y sumasampalataya sa Espiritu Santo at Makalangit na kagalingan. Kaya ang bawat isa ay nagpunta dun para maiambag ang anumang maitutulong niya.

16 At mangyari nga na alam natin ang nangyari nung gabing ’yun, kung papaanong nanguna mismo ang Espiritu Santo. At sa puntong ’yun bumaba ang Anghel ng Panginoon. Kanilang nilitratuhan ’yun. At—at pakatapos mula dun ay ipinadala sa Washington, DC, para kumpirmahin. Tapos, pagkatapos nun, isinailalim ’yun sa mga pagsusuri’t iba pang mga bagay. At si George J. Lacy, hepe ng FBI, nagsulat siya ng—ng dokumento tungkol dun. At siya ang hepe ng mga pagsusuri ng bakas ng daliri sa mga dokumento ng—ng FBI. “Walang pasubali na ito’y sobrenatural na Bagay. Tumama ang Liwanag sa lente. Hindi ito sikolohiya.” Sabi niya, “Lagi kong sinasabi-sabi noon na ’yung mga pagtitipon n’yo ay sikolohiya lang, din. Ang iniisip ko noon ay binabasa-basa mo lang ang isip ng mga taong ’yun.” Sabi niya, “Pero di nga makukunan ng mekanikal na mata ng kamera kung sikolohiya lang ito, G. Branham. Totoong tumama Ito sa lente.” Sabi niya, “Narito Ito mismo.”

17 Kaya, hayán, nakunan Ito ng litrato. Yun nga’y nakunan na noon, at makailang beses na rin pagkatapos. Sadyang, ganoon na lamang ang pasasalamat ko na malaman ’yun. Marami sa mga narito ang nakita na ang litratong ’yun, nakita n’yo na ba? Sa palagay ko nga, oh, marami sa inyo ang mayroong kopya nun.

18 Natutuwa po akong malaman na kahit pinaguusap-usapan ang gawaing Pentecostal sa huling araw, pero, sinasabi ko nga sa inyo, kung kukunin ang kasaysayan sa Biblia . . .

19 Natalakay ko na noon ang—ang kasaysayan ng iglesya, mga dalawang taon ang nakararaan, mula sa kamatayan ng pinaka huling alagad, si Juan, sa isla ng. . . nung lisanin niya ang Isla ng Patmos, at dumating siya roon at—at doon niya tinapos

ang pagsusulat ng mga Aklat at isinaayos Iyon na maglakip-lakip. Ipinatapon siya dun dahil paglalakip-lakipin niya ang mga Sinulat ng mga alagad at bubuuin ang Biblia mula Roon. At 'yun ang dahilan kung bakit ipinatapon siya sa Isla ng Patmos. Matapos na siya'y pakuluan sa mantika nang buong umaga at gabi, at haya't ipinatapon sa isla. At pinaglakip-lakip niya ang mga Aklat. At liban pa dun, ipinagkaloob sa kanya ng Diyos ang huling Aklat ng Biblia, ang Apocalipsis.

²⁰ At tinugaygay nga 'yun, sinimulan ko sa kasaysayan niya roon, at pagkatapos sa kanyang . . . isa sa mga tagasunod niya, kay Polycarpo, Ignatio, at marami sa kanila, patungo kina Martin, Ireneo, Justo, Santo Columba, hanggang doon, sa madilim na kapanahunan, at tuluy-tuloy, at hanggang umabot sa—sa Lutheran, at kay Wesley.

²¹ At nalaman ko mula roon, na mula sa mga araw ng mga alagad, sa lahat ng mga dakilang pagkilos ng Espiritu Santo, wala nga dun ang mas hihigit sa huling pagkilos ng Panginoon, dito sa huling mga araw. Hindi lang natin namamalayan, mga kaibigan. Narito ang mga bagay mismo na nangyayari ngayon na makapagpapatunay sa Diyos, gaya nung litrato ni—ni Cristo, na mayroon na tayo, na noon kasi'y wala pa silang kagamitan para makuhanan 'yun, sa kapanahunan nila noon. Pero ngayon po'y sinusubukan ng tao na maabot ang isang bagay, para kumuha mula sa Diyos, at mangyaring kinukuha ng Diyos ang siya ring naabot na 'yun at pinatutunayan ang Kanyang Sarili sa pamamagitan nun. Kaya walang pasubali na . . . Hinding-hindi ka makalalampas sa Diyos, dahil pinaka makapangyarihan Siya, sumasa lahat ng dako, walang hanggan. Wala ngang ano mang paraan para makalagpas ng higit dun. Tayo lamang ay magpakumbaba't paglingkuran Siya, 'yan ang pinaka mainan kong nalalaman na dapat gawin.

²² Nakakahiya lang po, pero parang di ko po yata naitanong ang pangalan ng pastor, sa simbahan dito. Di ko . . . [Sinasabi ni Kapatid na Griffith ang kanyang pangalan—Pat.] Kapatid na Griffith, tunay na ikinagagalak ko na makatagpo ka, kapatid, at isa ngang pagkakataon ito na makaparito at sa pagbubuklod na ito, na makasama kayo, para . . .

²³ Lagi nating sinasabi ito bilang pagbati, sa mga naglalakbay sa Sunnyslopes, dahil mga manlalakbay tayo rito, mga dayuhan. Sinasabi natin na di rito ang tahanan natin. Tayo'y mga binhi ni Abraham, "Inaasahan ang isang Bayan na ang Nagtayo at ang Gumawa ay ang Diyos."

²⁴ Napakagandang lugar po nito. Sa palagay ko walang lugar na tulad nito, na nakita ko kailanman. At halos nakabisita na ako sa bawat bansa sa mundo, at wala akong nakita sa Europa, Italya, Asya, saanman sa Silangan, na maaaring ikumpara sa Phoenix, Arizona. Ngayon, siyanga mismo. Pinaka magandang

lugar po ito na nakita ko. Pero, oh, ito nga'y magmimistulang iskinita, kung itatabi sa kung ano roon sa dakilang Milenyum. Kaya tayo'y—tayo'y. . .

²⁵ Hindi rito ang tahanan natin. Naglalakbay lang tayo rito, at dumadako tayo rito para makapagbuklod-buklod sa isa't isa.

²⁶ Isa pong pagpapala sa akin ang makaparito at makita ang iglesya ng Diyos na yumayabong, may bagong gusali, at iba pa. Ang Diyos nga'y pagpalain pa kayo nang husto! Maging tapat lang po kayo kay Cristo. Manatiling tapat sa inyong pastor, at kumilos nang magkakalakup, na ang bawat isa'y hawak-kamay na nagtutulungan, dahil naniniwala ako na ang Pagparito ng Panginoon ay malapit na.

²⁷ Ngayon, bago ako dumako sa Salita, dumulog muna tayo sa May-Akda sa pananalangin, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo pansumandali.

²⁸ Bago tayo manalangin, na ang inyong mga ulo't mga puso'y nakayuko, mayroon po bang kahilingan dito na ipapanalangin, at ipaalam n'yo lang sa pamamagitan ng pagtaas ng kamay, na diyan mismo sa puso n'yo ay may bagay kayong kailangan, at sabihin, "Panginoong Jesus, alalahanin Mo po ako"? Nakikita ng Panginoon ang bawat kamay. Tiyak ko 'yan.

²⁹ Makalangit naming Ama, kami'y nagagalak na natatawag Ka po namin na "Ama," ang dakilang Maylikha ng langit at ng lupa, ang dakilang Elohim, ang El-Shaddai, ang Nagbibigay-Kalakasan, ang Tagakandili, ang nag-Iisang buong-kasapatan. At sa pamamagitan ng Iyong sariling iniibig na Anak, sinabi Niya sa amin: na kung dudulog kami sa Iyo, at hihilingin ang anuman, sa pamamagitan ng Kanyang Pangalan, ay titiyakin Niya na ito'y maipagkakaloob. At, Ama, nalalaman po namin na 'yan ay nakapailalim sa mga kondisyon. Kung hihiling kasi kami ng mali, di kami magkakaroon ng pananampalataya na panaligan na ito'y tutugunin. Pero kung sasaliksikin namin ang aming mga puso ngayong gabi, hindi kami hihiling ng mali, bagkus ang tama, na 'yun nga'y, patatawarin Mo kami sa lahat ng aming mga pagkakasala't pagkakamali, dahil tunay po, Panginoon, 'yun ang pangunahing bagay.

³⁰ Ayaw po naming tangkain na pumasok sa Iyong Presensya na may kasalanan sa amin. Kaya naman, sa pagkakaalam nito, na bawat araw, ay hinahadlangan kami ng pagkaligalig at mga bagay-bagay, na marahil di napapansin ng sarili naming pag-iisip, pero, sa pagbubulay namin sa banal na Diyos, Na maging ang mga Anghel ay maituturing na marumi sa harapan Niya, kaya naman nalalaman namin, Panginoon, na wala po kami ni isang pagkakataon maliban na dumulog kami sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus Cristo, at sa ganoon ay mga anak kami ng Diyos. Ang mga pagkakamali namin ay di na titingnan, habang aming ipinagtatapat ang mga ito.

31 At dalangin ko, ngayong gabi, Ama, na pagpapalain Mo ang kongregasyong ito na nagsipagtaas ng kanilang mga kamay. Talastas Mo kung ano ang nasa likod ng bawat isa sa mga kamay na ito: ang iniisip, ang minimithi, at—at ang motibo at layon sa pagtaas. Dalangin ko po na Iyong ipagkaloob ang bawat isa na kanilang hiling.

32 At ngayon, Ama, idinadalangin namin ang iglesyang ito. Kami'y nagagalak, para sa, dakong ito. Sa tuwing nababasa namin ang tungkol sa sinaunang panahon, kung saan ang mga Cristiano'y kinamumuhian, na di sila maaaring magkaroon ng isang bahay-sambahan man lang. Na, sila'y ganoon na lamang kapobre, di sila makapagpatayo ng isa kung magkaroon sila ng kakayahan, at ang makita po 'yun, o, kahit magkaroon man sila ng pagkakataon. At ngayon, sa panahon ngayon, na heto po ang naglalakiha't, magagandang istruktura na ipinapatayo, malilinis, kung saan ang mga tao, ay maaaring dumalo at makasamba sa Diyos. Abot-abot po ang pasasalamat namin para rito. At dahil sa sakripisyo, ng mga tao, sa kanilang mga ikapu at mga kaloob at—at kontribusyon, ay naitayo ang bahay na ito para sa Panginoon.

33 Ngayon, Diyos Ama, dalangin ko na Iyo pong pagpalain ang pastor ng simbahang ito, ang mga diyakono, ang mga tagapangasiwa rito, at bawat miyembro na dumadalo rito. Nawa'y lumago pa ito, nang lumago, nang lumago. At nawa, mula sa iglesyang ito, ay magpasimula ang isang makalumang rebaybal na lalaganap sa libis na ito, nang ibayo at ibayo. Nawa'y bumunsod po ang mga tanda't kababalaghan mula sa iglesyang ito, ng kagalingan, kaligtasan. Nawa'y maging parola ito ng liwanag para sa buong bansa. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

34 Nawa, mula sa lugar na ito, lumitaw ang maiinam na mga mangangaral, kabataang mga kalalakihan, na ang tawag ng Diyos ay nakalakup sa kanilang buhay, para humayo sa mga dako ng pagmimisyon, kung saanman sila tawagin. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

35 At sa gabi pong ito, habang nagkakatipon-tipon kami nang sama-sama, nawa'y dumating ang Espiritu Santo, lumukob sa Salita, at sadyang itanim ang Binhi sa bawat puso ng mga narito. Nawa kami nang may pananampalataya'y diligan Ito, araw at gabi, hanggang sa Ito'y tumubo't maging mayayabong na mga punongkahoy para sa kaluwalhatian ng Diyos.

36 Iyo pong pagalingin ang bawat maysakit, Panginoon, na mga narito sa gabing ito. Iyo pong ilitas ang bawat naliligaw. Dalhin pabalik ang mga tumalikod sa pananampalataya. At ipanauli at punuin muli sila na mga pinunan noon. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus Cristo, na Iyong Anak. Amen.

37 Ngayon, medyo nahuli lang po ako ng dating, gaya ng dati. Medyo malayo po pala itong lugar na naka-iskedyul sa gabing ito kaysa sa inaasahan ko.

38 At kaya tayo po, bukas ng gabi, nasa ibang lugar naman. Sa palagay ko ay naianunsyo na ito. At ngayon, kung may simba po kayo sa inyong sariling simbahan dito, bukas ng gabi, di n'yo na kailangan pumunta rito. Pero kung wala naman kayong simba, ikagagalak namin na makasama kayo. Gustung-gusto natin sa tuwina na ang mga tao'y manatili roon sa iniatang sa kanilang tungkulin, ano't anuman. Sa tuwing bubuksan kasi ang simbahan, bawat sundalo ay marapat lamang na naroon sa kanyang tungkulin at sa kanyang puwesto.

39 At mangyari po na bumibisita kami rito at nagtatamasa ng mainam na panahon, bago mismo ang—ang kombensyon ng Business Men. At gaya ng nabanggit ko na, paparito si Kapatid na Roberts para buksan ang gawain, para sa Huwebes ng gabi. Ikinagagalak natin na makatagpo si Kapatid na Roberts. At iniisip ko rin, marahil sa Biyernes, si Kapatid na Velmer Gardner naman ang paparito. Di ko lang alam kung siya ang magsasalita sa gabi na'yun, o hindi.

40 At sa palagay ko naiatang sa akin, na maparoon ng Sabado ng umaga, sa agahan. At kung loobin ng Diyos, at ako ang pagsasalitain sa Sabado ng umaga, gusto kong kunin bilang tekstos, kung ganoon nga, kung kalooban ng Diyos: *Ang Pinaka Masamang Tao Na Nakatagpo Ko*. Kaya, at—at hayan nga, sa Linggo ng hapon, ako po'y mangungusap uli. Kaya kung kayo po'y . . . Ngayon, sa Sabado ng umaga, wala naman pong simba, sa abot ng nalalaman ko. At Linggo ng hapon wala ring simba, sa abot ng nalalaman ko.

41 Ngayon, bago ako magpasimula, nakalimutan ko lang kung akin na bang . . . Siyanga. Sa palagay ko nabanggit ko na na naipamigay na ni Billy ang iba pa sa mga prayer card. Tama po ba? May mga prayer card po bang naipamigay ngayong gabi? Buweno, naipamahagi niya 'yung iba nun, sa ibang simbahan, kagabi, dahil lagi kong—lagi kong napapanatili nang matagal ang mga tao.

42 Medyo mahaba po kasi ako mangaral, mga anim o walong oras, para pong ganun, kung minsan, kapag emosyunal ako. Ngayon, hindi po ako . . . Ngayong gabi, hindi ako mangangaral nang kalahati nun. Ano lang . . . Naisip ko na mamimigay kami ng prayer card, at pagkatapos tayo'y . . . kayo po marahil ay makakauwi ng hatinggabi, ano't anuman, mangyari na matapos tayo sa pila para sa pananalangin. Kaya, kalahati lang po nun. At di ko lang talaga alam, pero natatagalan ako sa pagsasabi ng mga bagay na alam ko. Mangyari nga, na 'yung bagay na nalalaman ko, gustung-gusto ko po kasing ipinapangusap 'yun nang maigi, kaya napapahaba ako, alam n'yo. Sige. Binibiro ko

lang po kayo, dahil sisikapin ko—sisikapin ko na matapos agad, sa susunod na apatnapu't limang minuto, o mga ganun, sa pila para sa pananalangin.

⁴³ May munti't, isang Kasulatan lang ako rito sa gabing ito na gusto kong basahin, at humango ng teksto, at dalangin ko na pagpalain ito ng Diyos. Kung gusto n'yo pong basahin ito pag-uwi n'yo sa inyong bahay, nasa Marcos po ito, sa ika-10 kabanata at sa ika-28 talata.

Si Pedro ay nagpasimulang magsabi sa kaniya, Narito, iniwan namin ang lahat, at nagsisunod sa iyo.

⁴⁴ Ngayon, nais kong humango ng isang teksto, para bumuo ng munting konteksto mula roon, ng: *Pagtalikod Sa Lahat*. At pagkatapos, sa kaunting sandali, mananalangin tayo para sa mga maysakit. At ngayon, sa inyo na pamilyar na sa Marcos, sa ika-10 kabanata, kung anong pambungad na tagpo ang narito. Mangyari po . . . si Jesus ay nangungusap, bago 'yun, tungkol sa diborsyo.

⁴⁵ At pagkatapos nagkaroon din Siya ng isang katangi-tanging eskena na nangyari. May mayamang binata na tumatakbo papunta sa Kanya, at nagsabi, “Mabuting Guro, ano po ang maaari kong gawin upang magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan?”

At sinabi Niya sa binata, “Sundin mo ang mga utos.”

⁴⁶ Ang sabi ng binata, “Nagawa ko na po ito mula pagkabata ko.” O, “Alin-alin pong mga utos?” At sinabi ni Jesus kung ano ang mga 'yun. At sabi ng binata, “Nagawa ko na po.”

⁴⁷ Sabi Niya, “Pero may kulang ka na lang na isa. Kung nais mo ng Buhay na Walang Hanggan, maging sakdal, mangyari na ipagbili mo ang lahat at ipamahagi mo 'yun sa mahihirap. Pasanin mo ang iyong krus at sumunod ka sa Akin.”

⁴⁸ Subaybayan lang natin ang binata na 'yan pansumandali bago tayo dumako sa teksto, para magbigay ng pambungad na tagpo.

⁴⁹ Ngayon, kita n'yo, na hiniling sa binatang 'yun na talikuran niya ang lahat, pero tumanggi siyang gawin. At kung minsan ay ikinakabit natin dun 'yung kasaganaan at kayamanan, at iba pa, “katagumpayan,” pero ang binatang ito ay isa na mismong matagumpay na binata at di pa rin niya kamit ang Buhay na Walang Hanggan. Kaya, kung minsan, di ibig sabihin sa tuwina na dahil sa katagumpayan ay pinagpapala ka ng Diyos.

⁵⁰ Pero subaybayan natin siya. Nasumpungan natin siya rito sa kanyang kabataan, batang-bata, marahil guwapo, bata pa, na magandang manamit na kabataan. Sinabi ng Biblia, na, “Giniliw siya ni Jesus.” Marahil may mainam, na mabuti't, magiliw siyang budhi. Marahil siya'y—siya'y mainam talaga, o kung hindi'y di niya makukuha ang paghanga ng Panginoong

Jesus. Dahil, nung tingnan siya ni Jesus, “Kanyang giniliw siya.” Marahil may maamo siyang mukha, at mainam ang itsura niya, isang disenteng ginoo, matuwid na kabataan mismo. At lumakad siya papalapit kay Jesus, marahil iniisip, nang may pagpipitagan, at nagsabi, “Gusto ko pong malaman kung anong magagawa ko para magkamit ng Buhay na Walang Hanggan.”

⁵¹ At nung kailangan na niyang humayo pagkatapos na marinig ang bagay na 'yun, tungkol sa pagkakaroon ng Buhay na Walang Hanggan, mangyari na ang nakabantad na tanong, ay kung magagawa mo ba. At ang katanungan na 'yan ay nakalatag sa bawat isa sa atin. At sadyang sinabi sa Kanya ni Jesus na talikuran niya ang lahat, pasanin ang kanyang krus, at siya'y sumunod sa Kanya. At alam na natin ang kuwento. “Lumisan siya na nahapis, dahil marami ang kanyang pag-aari.”

⁵² Pagkatapos bumaling si Jesus, at nagsabi, “Kay hirap pumasok ang isang mayamang lalaki sa Kaharian ng Langit, katulad ng isang kamelyo na susuot sa butas ng karayom. Mangyari na sa tao'y imposible, pero,” sabi Niya, “sa Diyos ay di imposible.”

⁵³ Subaybayan natin itong binatang pinuno. Yung sumunod na eksena kung saan nakita natin siya, sa Biblia, hindi niya talaga. . .nung tanggihan niya ang oportunidad na sumunod kay Jesus, nung ilatag sa kanya 'yun nang may kabigatan din naman talaga.

⁵⁴ Kita n'yo, gustung-gusto natin 'yung hahawak pa rin tayo sa lahat ng bagay na hawak natin, at pagkatapos susunod kay Jesus. Pero kung minsan nais ni Jesus na bitiwang natin ang lahat, nang sa gayon ang pareho nating mga kamay ay makahawak sa Kanya. Kung minsan ganoon ang pag-iisip natin, dahil hayang-hayang nga na matindi pa rin ang ating kapit.

⁵⁵ Naalala ko tuloy ang isang munting kuwento na lagi kong ikinukuwento, tungkol sa dalawa kong munting anak na babae. Ngayon di na sila mumunti, hayang nga na medyo malaki-laki na sila. Pero, nung maliit-liit pa sila. . .Ang isa po sa kanila'y si Rebekah; siya ang mas matanda. At si Sarah, siya ang mas bata. At si Becky ay may asul na mata, at si Sarah ay may kulay-tskolate. At dalawa sila na kinagigiliwang husto ng daddy nila, alam n'yo. At mangyari nga na hinihintay nila ako lagi na dumating ng bahay, at gustung-gusto talaga nilang makita ako. At mangyari nga na si Becky. . .may katangkaran siya, may pagkapayat na batang babae. At si Sarah naman ay maliit, na kinulang sa tangkad, na munting batang babae.

⁵⁶ At mangyari na hinihintay nila akong umuwi, isang gabi. Matagal-tagal din akong wala dahil sa mga pagtitipon, at alam nila na pauwi na ako, kaya naisipan nilang maghintay nang kaunti. At dahil sa uuwi na ako noon, gusto nilang makita ako. Buweno, mangyari nga na parang binudburan sila ng buhangin

ng sandman sa mata, at inantok tuloy sila. At kaya nagtungo na sila sa higaan, doon sa kanilang silid.

⁵⁷ At gabing-gabi na ako nakauwi. Haya't pumasok na ako, talagang hapo na hapo, nagtungo na sa higaan. At pagkatapos nga ng mga pagtitipon, at iba pa, sobra 'yung pagod ko na di ako makatulog maigi, matapos ang halos ilang sanlinggo rin ng pagtitipon. At nakatulog ako nang dalawa o tatlong oras, bumangon, nagpunta sa—sa sala, at naupo lang dun sa upuan. Nakaupo ako dun sa upuan na 'yun, hanggang mag-umaga.

⁵⁸ Pagkatapos ilang saglit pa, bumangon na si Becky, dun sa kanyang silid-tulugan, at napansin niya na umaga na't may araw na. At sumilip siya dun sa pasilyo, at nakita niya ako na nakaupo roon sa upuan. Lumundag siya mula dun sa higaan, sa abot ng makakaya niya, haya't 'yung mumunti't, payat, na binti niyang mahahaba'y abot na abot.

⁵⁹ Buweno, nagising nun—nagising nun si Sarah. At di ko lang alam kung ginagawa 'yan ng mga anak n'yo, o hindi, pero, ang sa akin po, may bibilhin ka sa panganay, at 'yung bunso 'yung gagamit nun kapag nilakihan na nung panganay. At suot-suot nga ni Sarah 'yung pajama ni Rebekah, 'yung haba sa binti nung pajama ay may kalakihan, alam n'yo, masyadong malaki sa kanya. At, siya, lumundag siya mula sa higaan, at 'yung haba nung binti ng pajama'y lumalaylay. At di siya makahabol kay Rebekah.

⁶⁰ Kaya naunahan siya ni Rebekah sa akin. At tumalon siya sa may kandungan ko, iniyakap ang dalawa niyang bisig sa akin, na parang. . . Nandun siya sa kanan kong binti, at 'yung mga binti niyang mahahaba'y abot sa sahig. Kaya balanse siya roon.

⁶¹ Para ngang naiisip ko dun 'yung malalaki't naunang mga organisasyon, alam n'yo, na dumating. Alam n'yo, matatagal na sila rito, animo'y mahahaba ang binti, at kung ano pa, kaya naman balanseng-balanse sila.

⁶² At heto na't papalapit si Sarah, 'yung munting, batang iglesya, alam n'yo, na di pa katagalan. At medyo napansin niya na naunahan siya—naunahan siya ni Becky dun.

⁶³ Mangyari nga na nakayakap na si Rebekah sa akin. Bumaling siya. Sabi niya, “Sarah, kapatid ko, gusto kong malaman mo ang isang bagay.” Sabi niya, “Nauna ako rito.” At sabi pa niya, “Solong-solo ko si daddy, at wala nang natira para sa'yo.” (Sinusubukan nga nilang sabihin 'yun sa atin, alam n'yo, sa tuwina.) Sabi, “Nauna ako rito, at solong-solo ko si daddy, at wala nang natitira pa sa'yo.”

⁶⁴ Napayuko ng ulo si munting abang Sarah. Napasimangot siya. Papaalis na sana siya, at may mga luha na sa malalaki't kulay-tsolokate niyang mga mata. At si Becky ay nakasandal sa balikat ko, na parang nakayakap sa akin.

65 Iniunat ko 'yung daliri ko nang *paganoon*, kay Sarah, at inilabas ko nang kaunti 'yung isa kong binti. Heto na siya, at lumundag sa isang binti na 'yun, at, naku, di niya—di niya—di niya maibalanse ang sarili niya roon. Hindi kasi abot 'yung mumunti niyang mga binti sa sahig. Pero naroon pa rin siya sa binti, kahit papaano. Kita n'yo? Kaya kahit patumba-tumba siya nang kaunti na parang *paganoon*.

66 Buweno, para di siya mahulog, iniyakap ko sa kanya ang parehas kong bisig at niyayakap ko siya, nang *paganoon*, para hawakan siya. At yakap-yakap ko nga siya nang maigi sa akin, at idinantay niya ang munti niyang ulo sa akin nang kaunti.

67 Itinaas niya nang kaunti ang ulo niya at tumingin kay Becky, at nagsabi, “Ngayon, Rebekah, ate ko,” sabi, “May gusto rin akong sabihin sa'yo, naman.” Sabi niya, “Siguro solong-solo mo si daddy, pero gusto kong malaman mo na solong-solo naman ako ni daddy.” Hayan nga't totoo 'yun.

68 Kaya ganyan ang nais natin. Ayaw natin na . . . Ang gusto nati'y masolo Niya tayo nang lubos. Kaya, gayunpaman, sa lahat ng 'yun, upang magawa 'yun, kinakailangan nating lumakad sa pananampalataya't sampalatayanan Siya, ganoon mismo, at sadyang magtiwala. Di natin ito maipapaliwanag. Walang paraan para maipaliwanag ito. Atin lamang sinasampalatayanan ito, at tatanggapin 'yun nang ganoon.

69 Itong mayaman na binata, di niya maibigay ang kanyang sarili kay Cristo, at kaya lumayo siya. At nasumpungan natin siya, kalaunan, na siya nga'y . . . Yumaman pa siya nang husto, hanggang sa ang mga kamalig niya ay napuno, na anupa't napasabi siya, “Kaluluwa, mamahinga ka.” Oh, yumaman nga siya, lahat. Napakarami niyang pag-aari, di niya kailangan ng anuman.

70 Pero may bagay na nangyari. Nung sumunod na nakita na natin siya, itinitingala niya ang mga mata niya habang nandun siya sa impyerno, nakatanaw dun sa pulubi na nasa malayo't nasa sinapupunan ni Abraham. Yun ay dahil di siya handang talikuran ang lahat, para sumunod sana sa Panginoong Jesus.

71 Pagkatapos, matapos na mangyari 'yun, at 'yung binatang pinuno'y di kayang isuko ang mayroon siya, para sumunod kay Jesus, marahil napaisip nun si Pedro. Sa palagay ko siya 'yung nagsabi ng katagang 'yun, o nagtanong nun, may tinanong siya. At ang sabi, “Ngayon, tinalikuran na namin ang lahat, upang sumunod sa Iyo. Tinalikuran namin ang lahat. Tingnan Mo ang ginawa namin. Iniwan namin ang aming mga tahanan. Iniwan namin ang aming mga pamilya. Iniwan namin ang aming mga lupain. Iniwan namin ang lahat ng mayroon kami, para sumunod sa Iyo.”

⁷² Unti-unti siyang napaisip nun. Marahil napukaw siya dun sa gawa, habang pinapanood si Cristo, at kung ano pa, kaya siya'y. . . Di niya namalayan, na iniwan na niya ang tahanan niya. Iniwan na niya ang pamilya niya mismo. Iniwan niya ang kanyang tatay, ang kanyang nanay. Iniwan niya ang lahat ng mayroon siya, para sumunod kay Jesus.

⁷³ Pero 'yun mismo ang hinihiling ng Diyos: talikuran ang lahat at sumunod sa Kanya. Yun ang hinihiling ng Diyos. Kinakailangan na gawin din natin 'yun. Kung minsan pa nga'y kailangan nating talikuran ang sarili natin mismong mga pag-iisip. Kung ang mga pag-iisip natin ay laban sa Salita ng Diyos, kinakailangan na talikuran natin ang sarili nating pag-iisip at sumunod sa Kanya. At ang tanging paraan para makasunod tayo sa Kanya ay sumunod sa Salita, sundin Ito. At ang hiling ng Diyos at hinihingi ng Diyos ay talikuran natin ang lahat at sumunod sa Kanya.

⁷⁴ Pero sa pagtalima dun, nakikita natin, kung minsan, na kailangan din nating talikuran ang ating mga kaibigan. Maraming pagkakataon na mahirap 'yan gawin. Ngayon, maraming tao, na sa unang paglapit nila kay Cristo at sila'y mapuspos ng Espiritu, marahil, halimbawa na lang sa mga kababaihan, na may kung anong kasiyahan na pinupuntahan, kada *ganito-at-ganoon* na gabi, kung saan naglalaro sila ng bunco na mga magkakapit-bahay sa dakong 'yun. Kilala ng lahat na—na kapitbahay, at ng iba pa, at miyembro ng kung anong sosyedad sa lipunan, at sumasadya sila dun, naglalaro ng bunco. At ang mga kababaihan na naroon, alam n'yo, ay may masasabi nga tungkol dun. Hindi nila kasi 'yun mauunawaan. Pero, hayan nga't, kailangan mong talikuran ang bagay na 'yun, dahil hindi tama na magsugal, maglaro ng baraha. At kinakailangan mong talikuran mismo 'yun kung susunod ka kay Cristo.

⁷⁵ Kung minsan ang mga kababaihan, sa ating kaiglesyahan, na dati'y sanay na sanay magdamit ng imoral na pananamit, gaya ng shorts, at—at itong mga de pantalon na dungaree. At ang sabi ng Biblia, “Kasuklam-suklam sa Diyos, para sa isang babae na magsuot ng ganun.” Ang babae nga, anuman ang isipin niya, kinakailangan niyang talikuran 'yun. Kung minsan makikita natin ang mga kababaihan, kapag lumalapit sila sa Daan at naliligtas, dati panay ang pagupit nila sa kanilang buhok. At gusto nila kasing maging pansinin katulad ng iba pa sa sanlibutan. Pero nasumpungan nila, na mahirap pala, dahil tatawagin kayo ng mga tao na makaluma, kapag mananamit kayo na tulad ng isang Cristiano, kikilos na tulad ng isang Cristiano, mamumuhay na tulad ng isang Cristiano. Tatawagin nila kayo na makaluma, pero kinakailangan n'yong talikuran ang lahat, para sumunod sa Kanya.

⁷⁶ Sinabi ni Jesus, o sinabi ng Kasulatan, “Ang umiibig sa sanlibutan, o sa mga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa kanya.” Tama. Kinakailangan, na talikuran ang lahat.

⁷⁷ Diyan nga, kung handa ka nang talikuran ang lahat at sumunod sa Kanya, kung ganoon, “Kung magsisipanatili kayo sa Akin, at ang Aking Salita sa inyo, ay hingin ninyo ang ano man na ibig n’yo at gagawin sa inyo.” Pero, di n’yo magagawa, yamang nalalaman n’yo na ang mga bagay na ’yun ay mali. Alam n’yo na mismo na mali.

⁷⁸ Ang Biblia nga’y laban dun: pagbabaraha, paninigarilyo, pag-inom ng alak, pagsusuot ng imoral na pananamit. At, pagkatapos, mag-aangkin na isa raw Cristiano. Kung ang espiritu na nasa inyo ay di kinokondena ’yan, kung ganoon may kung anong mali sa espiritu na nasa inyo. Dahil, ang Diyos na Siyang sumulat ng Salita ay ang Salita. At ang Salita ay nasa inyo, at kokondenahin ka Nito. Marapat lamang. At kung hindi, nililintang lang kayo. Papaano magsusulat ang Espiritu Santo ng isang bagay, at babaling at gagawa ng saliya Dun, at sasabihin na Espiritu Santo ang nangunguna sa inyo? Hindi n’yo nga magagawa. Kaya, ang paninigarilyo, pag-inom ng wiski, pagbabaraha, paggugupit ng buhok, pagsusuot ng shorts, lahat ng mga bagay na ito, ay mali, mali’t kasalanan, at di kayo makauusad sa kung saan hangga’t ihinto n’yo ’yan.

⁷⁹ Unti-unti na ngang pumapasok ’yun sa Pentecostal natin na mga pagkilos. Mahiya kayo. Marapat lamang na mahiya kayo. Di na nakapagtataka kung bakit di tayo nagkakaroon ng rebaybal na pang-buong mundo. Di na nakapagtataka kung bakit di tayo magkaroon ng pentecostal na rebaybal. May bagay na nangyari. Ganoon nga. Ibinaba natin ang ating pamantayan, at nangyayari ang mga bagay-bagay na di dapat mangyari. Kaya naman kinakailangan n’yong talikuran ang lahat, para sumunod kay Cristo.

⁸⁰ Kinakailangan mong talikuran ang iyong sarili, sarili mong mga hinuha. Kinakailangan mong magpasailalim sa Kanyang Salita. At hindi kailanman itatanggi ng Espiritu Santo ang kahit alinman sa Salita na binigkas Niya. At ang Biblia’y isinulat ng Espiritu Santo. Yan mismo ang sabi ng Biblia. At kung. . . Ang mga Salita ng Biblia ay Diyos. “Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ang Salita ay nagsalaman at nanahan sa kalagitnaan natin.”

⁸¹ Ngayon ang Salita ay nagsa-Espiritu, na nananahan sa atin, “Sapagkat Ako’y sasama sa inyo, sasa inyo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan, hanggang sa kawakasan.” Ngayon, kung ang siya ring Biblia ay sumasa inyo, hindi na kayo sa ganang sarili n’yo, patay na kayo sa mga bagay ng sanlibutan, patay na kayo sa sarili n’yong mga kaisipan, at “ang kaisipan na—ang kaisipan na nakay Cristo ay nasa inyo na.” Hayan nga, at

diyan nga'y tinalikuran n'yo ang lahat, para sumunod sa Kanya. Hindi na sa sarili n'yong mga pag-iisip; kundi sa sinasabi Niya. "Hindi sa kalooban Ko; sa Iyo, Panginoon." Kung ganoon ay lumilinya na kayo sa Salita ng Diyos.

Puwede tayong mamalagi pa riyon, pero baka mapahaba lang ang pagtugaygay ko.

⁸² "Pero," sasabihin n'yo, "ano naman ang makukuha ko kung ganoon, sa pagtalikod sa lahat? Sa pagtalikod sa lahat, anong makukuha ko?"

⁸³ Asahan mo nang lilibakin ka ng mundo. Asahan mo nang babansagan ka ng mundo ng lahat na ng kung anu-anong walang-galang na bansag. Tatawagin nila kayo ng kung anu-anong tawag. Hahamakin kayo at tatanggihan.

⁸⁴ Si Jesus, yamang Siya ang Emmanuel, ang Diyos ay nananahan sa Kanya, ibinunsod Siya nun na maging kakaiba sa Kanyang sariling iglesya na tiniwalag Siya ng Sarili Niyang iglesya sa pagparito't pagparito Niya. Sila ang nagpapako sa Kanya dun sa krus. Sila ang kumondena sa Kanya. Iniibig Niya ang mga tao. Ang buong puso Niya'y laan sa mga tao. Pero kinailangan Niyang talikuran ang lahat, para sumunod sa Diyos.

⁸⁵ At kaya ganun din na kailangan nating talikuran ang lahat, nang sa gayon ay makasunod sa Diyos.

"Ngayon, ano ang makukuha ko bilang kapalit?" Hindi tayo umaasa na . . .

⁸⁶ Tayo, kung minsan, sa palagay ko tayo na mga ministro haya't ginagawa nating masyadong mabulaklak para sa mga—sa mga akay. "Oh, lumapit ka lang kay Cristo, ang lahat ay magiging kaaya-aya." Pero, kita n'yo, hindi ganoon, na parang, sasabihin na ang lahat ay magiging bulaklak ng higaan ng kaalwalan. Dahil, walang Cristiano . . .

⁸⁷ Ang sabi ng Biblia, "Lahat ng namumuhay nang maka-Diyos kay Cristo Jesus ay dumaranas ng pag-uusig." Kaya kung—kung di ka dumaranas ng pag-uusig para kay Cristo, kung ganoon ay may bagay na mali.

⁸⁸ Kung di ka tinutugis ng diyablo, nakuha ka na niya. Ganun 'yun, dahil hangga't tinutugis ka niya, senyales 'yan na di ka pa niya nakukuha. Mangyari nga na kung di ka na niya tinutugis, senyales 'yan na nakuha ka na niya. Oo. Kaya alalahanin n'yo, na hangga't pinupunterya ka niya nang mainam, ilang agwat ang una n'yo sa kanya, at basta't magpatuloy lang kayo.

⁸⁹ "Datapuwat ang lahat ng namumuhay nang maka-Diyos kay Cristo Jesus ay daranas ng pag-uusig." Sabi Niya, "Mangagalak kayo at mangagsayang totoo, sapagkat gayon din ang pagka-usig sa kanila na mga propetang nauna sa inyo." Siyanga.

90 Kaya huwag kayong sumimangot, na magsasabi, “Buweno, dapat pala hindi ko na lang ginawa ’yun. Sa tingin ko, sila—sila, di ko maatim na may mga tao na pag-uusapan ako, at sasabihin na makaluma ako, na ako’y *ganito, ganoon*, o kung *ano pa*.”

91 Oh, ang dapat nga kayo’y—kayo’y mangagsayang totoo, maging masaya dapat dahil dun, dahil kaya n’yong dalhin ang kadustaan ng Kanyang Pangalan. At sa pagsunod sa Kanyang mga utos, kayo nga’y naibubunsod na tiisin ’yun.

92 Pero gusto kong sabihin ito, rin. (Bibilisan na natin, sa abot ng makakaya natin.) Ang Diyos ay di kailanman, sa kahit na anong paraan, magkakaroon ng utang sa isang tao. Ang Diyos ay di magkakaroon ng utang sa isang tao. Kung ginawa n’yo ang bagay na ’yun para sa Diyos, na tinalikuran n’yo ang lahat, gagantimpalaan kayo ng Diyos nang makalibong ulit. Ganoon nga. Ibigay ’yun ng Diyos bilang gantimpala. Mangyaring tatalikuran n’yo ang lahat ng mga bagay ng sanlibutan, at ng mundo, at mga bagay ng sanlibutan, haya’t gagantimpalaan kayo ng Diyos nang maraming makaulit.

93 Ilan ang saksi sa bagay na ’yan, na narito ngayong gabi? Buweno, alam nating lahat na gagantimpalaan kayo ng Diyos.

Ngayon kumuha tayo ng ilang halimbawa ng mga tauhan na tinalikuran mismo ang lahat.

94 Kunin natin, unang-una, ang ama ng pananampalataya, si Abraham. Tinalikuran ni Abraham ang sarili niyang lupain, ang ari-arian na pagmamay-ari niya, at lahat ng iba pa. Siya’y tinawag palabas ng Caldeo, ng bayan ng Ur. At tinalikuran niya ang kanyang lupain, kanyang tahanan, kanyang kamag-anak, at lahat, at sumunod sa Diyos. Kinailangan niyang talikuran ang lahat, iwanan ang lahat. Tinalikuran niya ang kanyang—kanyang lupain, kanyang ari-arian sa Caldeo, sa Ur. Tinalikuran niya ang kanyang ari-arian, at ibinigay sa kanya ng Diyos ang buong lupang pangako. Ibinabalik nga ng Diyos ang lahat nang may higit na interes pa. Ibinigay ng Diyos sa kanya, doon sa dakong ’yun sa itaas nung araw na ’yun, nung katagpuin Niya siya, sabi Niya, “Tumayo ka, Abraham. Tumingin ka sa silangan, hilaga, kanluran, timog, ibinibigay Ko ang lahat ng ’yan sa iyo, lahat ng ’yan ay sa iyo.”

95 Yan ang problema sa mga Cristiano sa gabing ito. Ibinigay na sa atin ng Diyos, pero takot tayo na siyasatin ito. Kapag kayo’y naging Cristiano, tagapagmana kayo ng bawat pangako sa Biblia. Ganoon ’yun. Lahat ng ipinangako ng Diyos, ay sa inyo. Para itong isang malaking malawak na arkada, at sa isang Espiritu tayong lahat ay binautismuhan papasok sa arkada na ito, na si Cristo. Buweno, kung ako . . . Kung may magbibigay sa akin ng isang bagay, titingin nga ako sa paligid at aalamin kung anong pagmamay-ari ko.

⁹⁶ Sa palagay ko 'yan ang dapat gawin ng mga Cristiano sa gabing ito. Alamin kung anong nakamit n'yo. Kung ang bagay na 'yun ay may kataasan lang nang kaunti, na di ko maabot 'yun, kukuha nga ako ng hagdan at aakyatin ko 'yun. At kung may bagay na tila mahirap abutin, sa Biblia, na ipinangako ng Diyos, mananatili ako sa aking pagkakaluhod at aakyat sa hagdan ni Jacob hanggang sa maabot ko 'yun, dahil akin 'yun. Ibinigay 'yun sa akin ng Diyos.

⁹⁷ Kung ang Makalangit na kagalingan ay ipinangako sa Biblia, at may karamdaman ako, mananatili ako dun hanggang sa ibigay sa akin ito ng Diyos, dahil ito'y pangako. Ipinangako ng Diyos na tatalikuran ko ang sanlibutan, ipagkaloob Niya sa akin ang Espiritu Santo, haya't mananatili nga ako roon hanggang sa ipagkaloob Niya Ito sa akin, dahil ipinangako Niya ito. Kung ipinangako ng Diyos na ibibigay ang mithi ng aking puso, at ang mithi ng aking puso ay ang tamang bagay, ako nga'y mananatili roon hanggang sa ibigay ng Diyos, dahil isa itong pangako. At tinalikuran ko ang buong sanlibutan. May pagnanais ako na lumakad nang may pagsunod sa Kanya, at Siya'y magbibiyaya. Alam ko na 'yan ang katotohanan. Ganun mismo.

⁹⁸ Ano ang ginawa ng lalaking ito? Tinalikuran niya ang kanyang lupain, kanyang bansa. At ibinigay sa kanya ng Diyos ang buong lalawigan, o lahat, haya't buong kontinente mismo ng...ng Palestina. Tinalikuran niya ang munting piraso ng lupain niya sa dako roon, na marahil wala pa sa kalahating ektarya ang laki kung saan nakatayo ang kanyang bahay, at kanyang lumang bahay, para tanggapin ang lahat ng naroon sa Palestina. Mainam.

⁹⁹ Pero ang unang-unang bagay na dapat niyang gawin ay ibukod ang kanyang sarili. Ibinukod niya ang kanyang sarili mula sa kanyang mga kamag-anakan, lahat ng minamahal niya sa buhay, mga matatagal nang kakilala na—na kasa-kasama niya noon, mga kaibigan niya nung batang paslit pa lang siya doon sa dakong 'yun ng Babilonia, mga kasamahan, at lahat ng mga kapatid niyang lalaki, kapatid na babae, at lahat ng mga kaibigan niya na kakilala niya, kanyang mga kasa-kasama. Nung tawagin siya ng Diyos, ang sabi Niya, "Ibukod mo ang iyong sarili sa iyong mga kamag-anak. Umalis ka mula sa lahat ng 'yan." Ngayon, napakahirap nun, pero ibinukod niya ang kanyang sarili mula sa lahat ng mga kamag-anakan niya. Bakit? Dahil di sila kayang sumang-ayon sa kanya.

¹⁰⁰ Naiisip n'yo ba 'yun na sasang-ayon sila? Isang matandang lalaki rito, pitumpu't limang taong gulang, kasama ang asawa niyang babae na animnapu't limang taong gulang, magsasabi, "Alam n'yo ba? Nakatagpo ko ang Diyos dito at sinabi Niya sa akin na ako'y magkakaroon na ng—ng—ng sanggol, sa pamamagitan ni Sarah."

¹⁰¹ Naku, sila, 'yung kaibigan niyang doktor, siguro sasabihin nun, "Wala na sa katinuan ng pag-iisip ang matandang ito." Mangyari kasing nakabili na siya ng mga perdible't butones, at lahat, talagang pinaghahandaan na 'yun, dahil batid niya na kanyang matatanggap 'yun. Ganoon nga. Walang duda. Bakit? Diyos na mismo ang nangako nun. Ganoon nga.

¹⁰² At kung ang grupo ng mga taong 'yun ay gustong magtawa sa kanya at mag-isip na nawawala na sa katinuan ang pag-iisip niya, haya't ginagawa nila 'yan sa bawat mananampalataya. Lahat ng Binhi ni Abraham ay dumaranas nang siya ring 'yun. Ganoon nga. Kung minsan pa nga 'yung simbahan n'yo mismo ang tatangi sa inyo. Yung mga sinalihan n'yong grupo, mga—mga lugar na kasapi kayo, inyong mga samahan sa pamayanan, mga kakilala n'yo. Kung minsan pa nga'y ang nobyo n'yo o nobya n'yo ang tatangi sa inyo. Pero ang hinihiling nga ng Diyos ay talikuran n'yo ang lahat, para sumunod sa Kanya. Talikuran n'yo ang lahat na taliwas sa Kanya, at sumunod sa Kanya.

¹⁰³ Ngayon, si Abraham, na tinalikuran ang sarili niyang mga kamag-anakan, anong tinanggap niya bilang kapalit nun? Ano ang naging bunsod nun? Siya'y naging ama ng maraming mga bansa. Ginawa siya ng Diyos na maging ama ng maraming mga bansa. Sa maliit na bagay na isinuko niya, haya't tingnan n'yo kung anong naging bunsod nun sa kanya. Sabi ni Jesus, "Ang tumalikod . . . Aking, ay ibubunsod ang mga tatay, mga nanay, at iba pa." Tingnan n'yo kung ano mismo ang ibinunsod nun kay Abraham, sa pagtalikod niya sa lahat at sa pagsunod sa Kanya. Siyanga, po. "Ama ng maraming mga bansa."

¹⁰⁴ Pero, unang-una, kinailangan niyang ihiwalay ang sarili niya mula sa lahat ng di-pananampalataya, at maging mula sa kanyang malamig, na sala sa init sala sa lamig, na miyembro-ng-iglesyang kapatid, na si Lot. Kinailangan niyang talikuran ang kanyang sarili, para dun.

¹⁰⁵ Lahat ng may kalakip na di-pananampalataya, kailangan n'yong ihiwalay ang inyong sarili; anumang bagay, kung 'yan man ay kredito, kung kayo'y nasa loob ng isang iglesya, at kung ang buong pinagbabatayan n'yo ay kredito, at di naniniwala sa Salita, at kung ang Salita'y taliwas sa . . . Ang kredito ay taliwas sa Salita, kinakailangan mong talikuran 'yan. Kailangan mong talikuran ang lahat ng bagay.

¹⁰⁶ At di pinagpala ng Diyos si Abraham hanggang sa buong-buo ang pagtalima niya sa Diyos. Gusto ni Abraham noon na isama ang kanyang tatay, at 'yung matandang lalaki'y naging sagabal lang na animo'y isang langaw sa ibabaw ng gamot na pamahid, sa buong panahong 'yun. Sa huli'y, namatay ang matanda. Tapos, si Lot, nagkaroon sila ng alitan at lahat. At pagkatapos nung si Abraham ay buong-buo nang tumatalima sa Diyos at kanyang ibinukod na ang sarili, at hinayaan si Lot na

magpunta roon sa mainam na lupain, na dakong gusto nitong puntahan, doon sa Sodoma, mangyari nga na sa puntong 'yun nagpakita ang Diyos kay Abraham, at nagsabi, "Itanaw mo ang mga mata mo. Lahat ng 'yan ay ibinibigay Ko sa iyo."

¹⁰⁷ Si Abraham yaong humiwalay. Siya yaong humiwalay sa lahat, para sumunod, para sumunod sa Diyos. At siya ang ama ng Pananampalataya. Siya ang pinaniniwalaan natin na taong tapat. "Ang pangako ay kay Abraham at sa kanyang Binhi. Tayong patay na kay Cristo ay binhi ni Abraham, tagapagmana kasama Niya ayon sa pangako."

¹⁰⁸ Tinalikuran ng Israel ang Egipto. Tinalikuran nila ang dating mga lupain sa dako roon sa Egipto. Para tanggapin ang ano? Ang Palestina. Nanggaling sila roon sa teribleng lugar na 'yun ng Egipto, lugar ng mga tagapagmando.

¹⁰⁹ At maraming mga tao sa panahon ngayon, kabataang mga babae na nariyan sa mga lansangan, na naninigarilyo, umiinom ng alak, tulad ng nasubaybayan natin sa—sa radyo, nung isang araw. Kailangan pang dumating ang mga pulis para arestuhin 'yung grupo ng mga kabataang babae sa dako roon, na dun sa lansangan, ay grabe ang ipinakitang gaslaw dahil sa espiritu na 'yun ng diyablo, na lumukob sa kanila para sayawin itong makabagong boogie-woogie, anuman ang tawag n'yo dun, at doon mismo sa lansangan, na talagang nabaliw na ang isip. Kita n'yo? Sa totoo lang, kung ang isang kabataang babae'y may katiting lang sana na pagka-disente sa kanya, sa babae o sa kabataang lalaki man, alinman, pero ang tagapagmando nga 'yun na nag-uudyok sa kanilang kumilos nang ganoon.

¹¹⁰ Talikuran n'yo 'yan, at bibigyan kayo ng Diyos ng isang sayaw. Oh, ang ganda! Tunay na gagawin Niya. Bibigyan Niya kayo ng isa, kung tatalikuran n'yo lang 'yun. Pero kailangan ngang talikuran ang lahat ng mga bagay na 'yun, para kamtin ito. Hindi n'yo magagawa na magpatuloy na kamit-kamit ang dalawang ito.

¹¹¹ Nakamit niya ang Palestina, nagawa nga ni Abraham, o nagawa ng Israel. Nakamit niya ang Palestina bilang lupain. Iniwan nila ang dating lupain sa dako roon, at nakamit ang Palestina, isang lupain na nag-uumapaw sa gatas at pulot. Siyanga, po.

¹¹² Ano 'yung iniwan nila? Iniwan nila ang mainit na araw, sa ilalim ng tagapagmando sa Egipto. Ano ang natanggap nila, sa pag-iwan dun sa mainit na araw sa dako roon? Ibinunsod nun na makapaglakad sila sa Liwanag ng Haliging Apoy. Iniwan nila ang mainit na araw roon, para lumakad sa Liwanag ng Haliging Apoy ng Diyos. Napakagandang kapalit! Gusto kong mas piliin ang kapalit na 'yun, hindi ba't kayo rin? Isang Haliging Apoy. Sila'y lumalakad noon sa natural na liwanag ng araw, kung saan pinakikilos sila ng mga tagapagmando, pero lumabas sila

mula roon at lumakad mismo sa Liwanag ng Diyos, sa ilalim ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, isang Haliging Apoy na pinangungunahan sila patungo sa isang lupang pangako.

¹¹³ Ganoon din sa panahon ngayon. Lumakad kayo palabas ng sanlibutang ito, sa mga bagay na ito ng sanlibutan, para lumakad sa Liwanag ng Diyos. Papatnubayan kayo Nito tungo sa lupang pangako.

¹¹⁴ Mangyari nga na nilisan nila ang lumang mga tapayan ng bawang ng Egipto, mga tapayan ng karne sa Egipto. Ano ang natanggap nila noong talikuran nila ang matatandang mga tapayan na 'yun ng karne? Pagkain na ng Anghel ang kinain nila. Bumaba ang manna mula sa langit, para humalili sa bawang.

¹¹⁵ Ngayon, kung wala kayong ibang kinakain kundi bawang lang, hayaan n'yong sabihin ko sa inyo ang isang bagay, ang Diyos ay may Langit na punung-puno ng Pagkain ng Anghel, para ipakain sa inyo. Ganoon nga.

¹¹⁶ Pagkain ng Anghel, 'yun ang natanggap nila sa halip nun, sa halip nung dati'y bawang ng Egipto.

¹¹⁷ Nilisan nila ang maputik na tubig ng Egipto. Ano ang natanggap nila sa dako roon? Ang uminom mula sa Bato na hinampas sa ilang, ng puro't kristal-sa-linaw na tubig ng Diyos. Nilisan nila ang luma't maputik na tubig ng Egipto, ang matanda't maka-denominasyong maputik na tubig.

¹¹⁸ Yan nga ang dapat nating gawin ngayon. Iwan ang lumang kredo at denominasyon, na nagsasabi, "Ang mga araw ng himala'y lipas na. Ang mga taong 'yan ay nababaliw. Grupo lang sila ng mga holy-roller." Iwan n'yo ang bagay na 'yan, at pumarito kayo at uminom mula sa Bukal na puno ng... na mula sa ugat ni Emmanuel tumutulo, mga makasalana'y lumulusong sa agos na mga mantsa ng pagkakasala'y lahat naglalaho. Siyanga, po.

¹¹⁹ Lisanin n'yo na ang lumang tubig na 'yan ng putik, na nahaluan ng pag-aalinlangan, at pagkalito, at pagtatalo-talo, at pagkaalit, at lahat na ng kung anu-ano, at pati na 'yung pagtungo nang gabi at kakain ng sopas bilang hapunan, at magpapakulo pa ng manok at ibebenta ng limampung sentimo, kada plato, para ipambayad sa mangangaral. Samantalang, kung kayo'y magpapasailalim lamang sa mga kautusan ng Diyos, at sa banal na mga kautusan ng Diyos, at lumakad kasama ang Diyos, magbabayad kayo ng ikapu, at iinam ang lagay ng mangangaral, kung pipiliin n'yo ang pamamaraan ng Diyos ng paggawa nito. Tama. Mula sa lumang maputik na tubig noon; para uminom na ngayon mula sa Bato.

¹²⁰ Iniwan nila ang mga mapagmalaking mga manggagamot ng Egipto, na nagsasabi, "Kami ang pinaka matalino sa mundo ngayon." Iniwan nila ang mga nagmamalaking manggagamot, upang tumungo sa Dakilang Manggagamot. Amen. Gusto ko

ngang makakita ng manggagamot sa panahon ngayon kung may kaya bang gawin ang ginawa ng Dakilang Manggagamot noon. Ang mga taong 'yun ay naroon sa ilang nang apatnapung taon, at naglakbay sila roon nang wala man lang nanghihina sa kalagitnaan nila. Walang nanghihinang tao sa kalagitnaan nila, sa loob ng apatnapung taon. Lampas dalawang milyong tao sila na lumabas doon nung panahon na 'yun. Gaanong karaming sanggol kaya ang isinisilang noon gabi-gabi? Ilan kaya ang may sakit? At kanila ngang. . .

¹²¹ Gusto ko ngang pumunta kay Dr. Moises, at tingnan ang laman ng bag niya, at tingnan kung anong uri ng reseta ang ibinigay niya sa kanila. Hindi ba't kayo rin ay gusto n'yong makita? Naiisip ko na maraming mga doktor ang nagnanais na sumilip dun sa reseta na 'yun. Buweno, masasabi ko sa inyo. Nabasa ko 'yun. Gusto n'yo bang sabihin ko sa inyo kung ano 'yun? "Ako ang Panginoon na nagpapagalang ng lahat ng inyong mga sakit." Yun lang ang mayroon siya. Yun lang kasi ang kailangan niya, dahil tinalikuran nila ang mapagmalaking mga manggagamot, upang makabaling kasama ang Dakilang Manggagamot. Siyanga, po.

¹²² Tinalikuran nila sa dakong 'yun, ang mga tao na nagsasabi, "Ang mga araw ng himala'y lipas na. Wala nang ganyan na himala-himala, sa panahon ngayon." Tinalikuran nila 'yun, para gawin ang ano? Ano ang ginawa nila? Ang makatungo mismo sa presensya kung saan mangyayari ang mga himala, araw-araw. Amen.

¹²³ Ang mga tao sa panahon ngayon na nagsasabing wala nang ganyan na gaya ng himala, may kung anong mali sa kanilang pag-iisip. Siyanga.

¹²⁴ May isang tao na nagsabi sa akin, isang beses, sabi, "Wala akong pakialam kung ano man ang naipamalas mo. Wala akong pakialam. Wala talaga, kahit na gaano pang karaming pruweba ang meron ka," sabi, "Di ko talaga masampampalatayanan 'yan."

¹²⁵ Sabi ko, "Tunay na hindi. Hinding-hindi mo talaga makikita ito. Sadyang bulag ka para makita ito." Ganoon 'yun. Sabi ko, "Di kasi ito para sa mga di-mananampalataya. Para ito sa mga mananampalataya. Mga mananampalataya ang makakakita nito." Ganoon nga.

¹²⁶ May tao rin na nagsabi sa akin, isang beses, nakatagpo ko sa kalsada, sabi, "Mali ka sa Doktrina mo."

Sabi ko, "Ang Biblia naman po ito."

¹²⁷ Sabi niya, "Mali ka." Sabi niya, "Kaya, kontra ako sa 'yo." Sabi, "Sige't kung ganoon bulagin mo nga ako. Binulag ni Pablo ang isang lalaki isang beses." Sabi, "Sige't bulagin mo nga ako."

128 Sabi ko, “Di ko—di ko—di ko magagawa ’yan. Bulag ka na kasi. Oo. Ikaw kasi’y . . . Papaanong gagawin ko pa ang bagay na ang iyong amang, diyablo, ay nagawa na?” Siyanga. “Bulag ka na.” Ang tao na magbabanggit ng gaya nun, ay—ay matindi ang pagkabulag, na di niya mapagkilala ang liwanag ng araw mula sa dilim. Hindi niya makilala ang pagkakaiba ng dalawa, kung Buhay o kamatayan ba. Bulag na bulag sila. Siyanga, po. Siyanga.

129 Ang Dakilang Manggagamot ay kasama nila, at nakita nila ang mga himala na nangyari. Tunay.

130 Ang mga alagad, ano ang tinalikuran nila? May mga lambat sila, lambat na pangisda. Tinalikuan nila ang mga lambat nila na pangisda, para sumama sa Kanya, at makita ang Kanyang mga tanda, at mga himala, at Kanyang kapangyarihan, ng pagiging Mesiyas. Sinuman na di kayang iwan muna ang isang araw ng pangingsda, para sumunod dun, may kung anong mali sa kanya. Haya’t iniwan ng mga alagad ang mga lambat nila, na punung-puno mismo ng isda. Mangyaring unti-unti nilang hinila ’yun, at nagtamo ng pinakamalaking huli na nagkaroon sila kailanman. At tinalikuran nila ’yun hanggang sa pinaka katiting nun, upang sumunod sa Kanya, dahil nanampalataya sila sa kanilang puso na Siya ang Mesiyas. At nagnais sila na sumunod sa Kanya, para makita nila kung ang mga tanda ay lalakup mismo sa Kanya bilang Mesiyas. At nakita nila.

131 Tatalikuran ko ang anumang bagay sa mundo, hindi ko alintana kung anuman ’yun, para makita mismo si Jesus Cristo na ihahayag ang Kanyang Sarili, lalo na kung mahahayag ito sa buhay ko mismo, na batid ko na lumipat na ako mula kamatayan patungong Buhay, at batid ko na Siya ang Mesiyas. Batid ko, na sa paghawak ko sa Kanya at sa Kanyang Salita, na Kanyang iniligtas ako mula sa pamumuhay na makasalanan. At batid ko na ang Espiritu Santo’y nananahan sa akin. Nakikita ko ang Kanyang mga tanda, sa lahat ng dako, na tumuturo mismo, na batid ko na Siya’y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Tatalikuran ang lahat, handa ako na talikuran ang anuman.

132 Kasapi ako noon sa isang mainam na organisasyon, isang mainam na iglesya, isa sa pinakamainam dito sa bansa. Haya’t sabi nga nila, “Billy, mawawala ka lang n’yan sa katinuan mo at magiging holy-roller ka.”

133 Doon mismo, sabi ko, “Siguro’y kunin n’yo na rin ngayon ang aking card ng pakikisama, dahil susunod ako sa Espiritu Santo.” Ganoon nga. Siyanga.

134 At kinakailangan n’yong talikuran ang lahat, ganoon nga, para sumunod sa Kanya. Pero hayan nga na ang sinuman na tatalikod sa lahat, at susunod sa Kanya, magkakaloob bilang

gantimpala ang Diyos ng masaganang biyaya ng kasaganaan. Wala ngang maikukumpara dun. Buweno.

¹³⁵ Ngayon, tinalikuran ng mga alagad ang mga lambat nila, at mga lambat pa nga 'yun na punung-puno mismo ng isda, na hanapbuhay nila. Tinalikuran nila ang hanapbuhay nila, para sumunod sa Panginoong Jesus, para saksihan ang Kanyang kapangyarihan, saksihan ang tanda. Ang mga kalalakihang 'yun ay pinagsanay na mga kalalakihan. Alam nila kung ano mismo ang gaganapin ng Mesiyas. Nabasa nila mismo, doon sa Biblia. Nauunawaan nila kung ano ang gagawin ng Mesiyas. Alam nila na panahon na 'yun para maganap 'yun. At nung makita nila ang Lalaking ito na lumitaw sa eksena, na Siya'y akma mismo sa pagkakarawan, mangyari nga na nakahanda sila na talikuran ang lahat, para makinig sa kung ano ang sasabihin Niya. Dahil, kung 'yun ang Mesiyas, kung ganoon ay Buhay 'yun para sa kanila, dahil inanyayahan sila na sumunod sa Kanya. Kaya tinalikuran nila ang lahat.

¹³⁶ Ganoon din ito sa panahon ngayon, kung *Ito* ay tama, kung ang Mensahe na ito ng bautismo ng Espiritu Santo sa huling mga araw na ito, kung saan sinabi Niya na ibubuhos Niya kapwa ang una't huling ulan sa atin. Kung ang mga bagay na ito ay tama, karapat-dapat lamang Ito na talikuran natin ang lahat ng bagay. Sumunod kayo Rito.

¹³⁷ Sinabi ni Jesus, "Ang mga tandang ito ay lalaki sa kanila na mga sumasampalataya. Ang sumasampalataya sa Akin, gayong siya ay patay, ay mabubuhay. At ang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay di kailanman mamamatay. Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya." Tunay.

¹³⁸ "Magsiyaon kayo sa buong mundo, sa bawat nilalang. Ang mga tandang ito ay lalaki sa kanila na sumasampalataya. Sa Aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga diyablo, sila'y magsasalita ng bagong mga wika, hahawak man ng mga ahas. Makainom man sila ng nakamamatay na bagay, hindi sila mapapahamak nun. Kung magpapatong sila ng kanilang mga kamay sa mga maysakit, ang mga ito'y magsisigaling." Yun ang sinabi Niya.

¹³⁹ "Kung papaanong pinadala Ako ng Ama, gayundin na pinadadala Ko kayo." Ang Ama na nagpadala sa Anak, ay humayo kasama ng Anak, at naroon kasama ng Anak. Si Jesus na nagpadala ng isang tao, ay sasama sa taong 'yun, at nasa taong 'yun, upang magpamalas at gawin ang siya ring mga gawa. "Narito, Ako'y kasama ninyo sa tuwina, hanggang sa dulo man ng sanlibutan. At ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo."

¹⁴⁰ Kapatid, kung hindi ba't mas mainam 'yan kaysa sa matandang mga kredo't bagay-bagay ng mundo, at sa pag-

anib man sa kung ano roon na tinatanghian ang lahat ng Ito! Aba, iniisip ko na hindi ba't tayo dapat ang pinakamasayang tao sa mundo, yamang nakikita natin ang buhay na Diyos na kumikilos sa palibot natin nang gaya nito; yamang nalalaman na tinalikuran natin ang lahat, para sumunod sa Kanya. Amen. Ibinubunsod nga nun na ako'y mapuspos. Pagtalikod sa lahat, para sumunod sa Panginoong Jesus. Ganoon din ito ngayon, kinakailangan n'yong talikuran ang lahat. Gaya mismo ng ginawa nila noon, kailangan n'yong gawin, din.

¹⁴¹ Ngayon, pinag-uusapan n'yo ang mga tao na tinalikuran ang mga bagay-bagay, haya't tingnan naman natin kung ano, ang kay Jesus, kung ano ang tinalikuran ni Jesus para sa atin. Isinuko lahat ni Jesus. May tahanan Siya sa Langit. At isinuko Niya ang Kanyang tahanan sa Langit, at bumaba sa lupa, at wala ngang dako para mahiligan ng Kanyang ulo. Ganoon nga. Nagpakababa Siya nang husto, na anupa't wala Siyang ka- . . . ganoon na lamang kapobre, na anupa't wala Siyang kahit na highaan man lang para matulugan. Sabi Niya, "Ang mga asong-soro ay mayroong lungga, at ang mga ibon ay mayroong himpapawid. . . ng himpapawid, mayroong pugad, pero ang Anak ng tao'y wala man lang dako para mahiligan ng Kanyang ulo." Kita n'yo? Pero ano ngang nakuha Niya dahil dun? Siya nga'y itinaas nang ganoon na lamang kataas na kinakailangan Niyang tumanaw pababa para makita ang langit.

¹⁴² Dumating Siya sa mundo, natanggap ang pinaka mababang pagbansag na makukuha dito sa mundo. Natanggap Niya ang pinaka mababang pagbansag, natanggap ang pinaka mababang pagbansag, binansagan na Beelzebub. Ang Beelzebub ay isang . . . Nung makita nila na kumikilala Siya ng mga espiritu roon nang gaya nun, sabi nila, "Isa siyang manghuhula ng kapalaran. Siya'y Beelzebub, isang diyablo." Ang panghuhula ng kapalaran ay sa diyablo. At tinawag nila Siya na isang diyablo, ang pinaka mababa sa lahat. Siya'y tinawag ng pinaka mababang bansag.

¹⁴³ Nagtungo Siya sa pinaka mababang bayan. At ang pinaka mababang lalaki sa bayan ay tumanaw pababa habang Siya'y nasa baba nung lalaki; si Zaqueo, 'yun—'yun nga, sa Jerico. Sa baba mismo, ganoon nga ang ginawa nung lalaki. Siya'y may pinaka mababang bansag sa buong mundo. Dumating Siya sa mundo dala-dala ang "pagka-ilehitimo," ganoon ang tawag nila sa Kanya, dahil ang mga tao'y paniwalang-paniwala na ang Sanggol na 'yun ay ipinanganak nang walang banal na pagkakasal. Kinailangan Niyang harapin 'yun, sa simula pa lang. Tapos tinawag pa sa bansag na Beelzebub, ang pinaka mababa mismo na makukuha. Tinalikuran Niya ang Kanyang makalangit na dako, at dumating para 'yun ang kunin.

¹⁴⁴ Pero ibinigay sa Kanya ng Diyos ang isang Pangalan na mataas sa ano pang ibang pangalan na ipinangalan sa Langit,

sa bawat pangalan na ipinangalan sa lupa, na anupa't ang buong pamilya ng Langit at lupa ay pinangalanang Panginoong Jesus. Hallelujah! Ganoon mismo. Kanyang tinalikuran; Siya'y ginantimpalaan. Tunay, ginantimpalaan nga Siya. Buweno.

¹⁴⁵ Pumarito Siya sa lupa, Siya na Maylalang ng kalangitan at lupa, at wala Siyang makain. Tinukso Siya ni Satanas, habang nag-aayuno para sa atin, pero tumanggap Siya ng pagkain na ang iba'y walang kaalam-alam tungkol dun.

Isang araw sinabi Niya 'yun. "May pagkain Ako."

Sabi, "Bakit di Ka pumarito, kumain?"

¹⁴⁶ Sabi Niya, "May Pagkain Ako na hindi n'yo nalalaman." Siyanga. May Pagkain Siya na di nila nalalaman.

¹⁴⁷ Dito sa lupa, wala Siyang silungan, sabi nila, walang lugar, walang bahay, walang bagay na pagmamay-ari Niya. Pero alam n'yo ba? Siya'y naging Silungan para sa bawat isa sa atin. Ginawa Siya ng Diyos na isang Silungan, para sa buong lahi ng tao. Wala Siyang silungan na sarili Niya, pero Siya ang ating Silungan.

¹⁴⁸ Usap-usapan ngayon nang madalas ang tungkol sa mga silungan laban sa radyasyon sa hangin. Oh, naku! Mayroon tayo n'yan. Siyanga. Yang mga silungan laban sa radyasyon sa hangin, magkukubli dun sa kung anong butas sa lupa. At sinasabi nila sa akin, "Ang mga bombang 'yun ay tatama at bubutas sa lupa, nang sandaan at limampung talampakan ang lalim, nang sandaan at kung ilang milya kuwadrado." Aba, dudurugin nga nun ang bawat buto sa iyo, kahit kalahating milya ang lalim n'yo sa lupa. Tunay, aabutin ka nun, saan mang lupalop. Pero may isa tayong Silungan. Si Cristo ang ating Silungan. Amen.

¹⁴⁹ Gaya ng nabanggit ko nung isang gabi, sila nga, ang Rusya ay nagmamalaki ng pinaka hambog nilang pagmamalaki, nasa kalagayan na raw na, "Kami ang unang nagpapunta ng tao sa kalawakan, ang una."

¹⁵⁰ Di ako sang-ayon dun. Tayo'y may Isa na sa kalawakan nang dalawang libong taon. Amen. Tama. Siyanga, po. Isang Tagapamagitan, siyanga, po, na makatutungo sa Langit at makabalik, nang ano lang. . .nang isang kisap na segundo lang. Tunay. May Tao na tayo roon sa kalawakan. Wala silang anuman. Siyanga, po. Tama. Buweno. Haya't nasumpungan natin na wala Siyang. . .Kinailangan Niyang maging Silungan para sa ating lahat.

¹⁵¹ Isinuko Niya ang Kanyang pagka-Anak, sa pagitan Niya at ng Ama, upang ariing may sala para sa atin. Alam n'yo ba 'yun? "Siya na di nakakakilala ng kasalanan; inaring may sala para sa atin. Ang ating mga sala'y iniatang sa Kanya." Isinuko Niya ang pagka-Anak, upang ariing may sala, ngayon kaya Niyang gawin ang mga makasalanan na maging mga anak. Amen. Yun ang

mainam na parte: kumuha ng mga makasalanan at papaging mga anak, nung isuko Niya ang Kanyang pagiging-Anak para ariing may sala, ngayon nagagawa Niyang kunin ang mga makasalanan at gawin silang maging mga anak. Amen. Grabeng pribilehiyo! Siyanga, po.

¹⁵² Ang Diyos nga'y walang mababang maibubunsod. Wala, po. Hindi n'yo magagawa ang isang ito sa ganang inyo, dahil Diyos ang nagbubunsod nun. Ang Kanyang Anak ay naging alay para sa kasalanan, nang sa gayon ay mabili Niya, makuha ang mga makasalanan at papaging mga anak sila ng Diyos. Ang ganda nga nito. Oo!

¹⁵³ Ngayon, siyanga, po, Kanyang—Kanyang ibinigay ang Kanyang kalakasan. Siya'y naging mahina, nang sa gayon Siya ang ating maging kalakasan. Siya ang ating buong-kasapatan na Kalakasan. Di natin kailangan ng iba pang kalakasan liban sa kalakasan ng Panginoong Jesus. “Siya ang aking Kalakasan sa araw-araw. Kung Wala Siya haya't ako'y mamamanglaw,” sabi ng makata. Grabeng kahanga-hanga!

¹⁵⁴ Bagay na inyong tatalikuran; kayo'y tatanggap, sa bagay na inyong tatalikuran! Grabe! Talikuran n'yo ang sanlibutan. Talikuran n'yo ang sarili n'yong pag-iisip. Talikuran n'yo ang inyong pag-aalinlangan. Talikuran n'yo ang pagkakalitong lubha. Talikuran n'yo ito, at tanggapin Siya. Sampalatayanan Siya.

¹⁵⁵ Sasabihin n'yo, “Ngayon, ganoon ba 'yun? Lipas na ba ang mga araw ng himala?” Talikuran n'yo ang ganoong klaseng kaisipan. Sampalatayanan n'yo ito.

¹⁵⁶ May magsasabi, “Si Jesus ba talaga'y Tagapagpagaling, o kung anong—kung anong gawa-gawang imahinasyon lang ito sa isip ng mga tao?” Haya't talikuran n'yo ang kaisipan na 'yan, mismo.

¹⁵⁷ “Ngayon, papaano n'yo malalaman kung tama ba 'yan o hindi?” Isa 'yung pangako. Sa ganoon n'yo malalaman.

¹⁵⁸ Sasabihin n'yo, “Oh, naniniwala ako na ang Espiritu Santo ay para dun sa mga tao noong unang panahon, matagal na panahon, para dun lamang sa mga alagad.” Oh, di 'yun maaari. Kasi, kung ganoon, kinokontra ng Biblia ang sarili nito.

¹⁵⁹ Sabi ni Pedro, noong Araw ng Pentecostes, “Mangagsisi kayo, at mabautismuhan ang bawat isa sa inyo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapapatawad ng mga kasalanan, at inyong tanggapin ang kaloob ng Espiritu Santo. Dahil ang pangako ay sa inyo, sa inyong mga anak, at sa kanila na mga nasa malayo, maging sa kung gaanong karami ang tatawagin ng Panginoon nating Diyos.” Kaya pangako ito ng Diyos, nang sa gayon tayo rin naman, maging sa kung gaanong karami na tawagin ng Diyos tungo sa Espiritu Santo, kayo'y may kamit na karapatan para

dumulog. Talikuran lamang ang inyong sariling mga hinuha tungkol Dito, at kunin ang ipinasya ng Diyos na Salita para rito.

¹⁶⁰ Sasabihin n'yo, "Mayroon ba talagang ganyan, na ang mga tao'y makapagsalita sa iba't ibang wika, o kalokohan lang 'yan, o kung anu-anong ngawa na ginagawa nila?" Talikuran n'yo lamang ang inyong sariling hinuha.

¹⁶¹ Sinabi ito ni Jesus, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga sasampalataya. Magsasalita sila sa bagong mga wika." Biblia mismo ang nagsabi. Siyanga, po.

¹⁶² "Kapatid, ito kayang mga tanda na nakikita ko sa mga—sa mga pagtitipon, ang Diyos kaya ito?" Tunay, na ganoon nga. "Buweno, nakikita ko kasi ang ilang tao na namumuhay ng kung anong klase na lang ng pamumuhay, at nagsisipunta sila't nananalangin para sa mga maysakit, at sila nga'y nagsisigaling pa rin. Aking. . ."

¹⁶³ Sinabi ni Jesus, "Walang tao ang makagagawa ng himala sa Aking Pangalan, at pagkatapos ay magsasalita ng masama laban sa Akin." Tama 'yun.

¹⁶⁴ Kung ang tao ay mali, na ginagamit ang kaloob ng Diyos at gumagawa ng isang bagay na mali, ang Diyos ang bahala sa tao na 'yun. Pero sa Diyos pa rin 'yun, hayan nga. Tunay, ganoon nga. Dahil ang taong 'yun ay ipokrito, hindi ba't ibubunsod ka nun na mas magliwanag nang mas mainam. Hindi ka kasi maaaring. . . Ang tanging paraan upang magkaroon ka ng isang tunay na. . . Isang—isang pekeng dolyar, kailangan may tunay mismo na pinaghanguan.

¹⁶⁵ At sasabihin ng lahat, "Di ako pupunta sa simbahan. Ayaw kong magpunta sa simbahan. Napakaraming ipokrito." Aba, mas hamak ka kumpara sa kanila kung ganoon. Nagtatago ka sa likod nila. Kung nagagawa mong magtago sa likod nila, mas hamak ka kumpara sa kanila. Ganoon 'yun.

¹⁶⁶ May nabasa akong munting artikulo sa pahayagan nung isang araw, may isang matandang lalaki. . . Ipinanganak siyang bingi, pipi, at bulag, at lagi siyang pumupunta ng Sunday school tuwing Linggo. Tapos tinanong nila siya, gamit ang braille, sabi, "Bakit ka nagtutungo ng simbahan? Di mo naman naririnig ang sinasabi ng mangangaral. Hindi mo naririnig ang mga awitin. Bakit ka nagtutungo ng simbahan?"

¹⁶⁷ At kaya ang sabi niya, "Gusto ko lang ipaalam sa lahat kung saang panig ako nabibilang." Gusto niyang ipaalam sa diyablo at sa lahat kung sa aling panig siya nabibilang. Sa tingin ko'y kay inam nun. Siyanga, po.

¹⁶⁸ Ano pang ginawa ni Jesus? Inialay Niya't tinalikuran ang sarili Niyang Buhay. Ibinigay Niya ang Kanyang Buhay, para iligtas ang inyo at ang akin. Mangyari't Kanyang—Kanyang ibinigay ang Kanyang buhay. . . Di naman Niya kailangang ialay

'yun kung tutuusin. Kusang-loob Niyang ginawa. Di naman Niya kailangang gawin 'yun, pero kusang-loob Niyang ginawa 'yun, para Kanyang mailigtas kayo. At ngayon Siya lamang ang tanging nag-iisa na makaliligtas sa inyo. Walang iba ang makaliligtas sa inyo.

¹⁶⁹ Alam ko na may isang denominasyon na nagsasabing 'yung iglesya nila'y makapagliligtas daw sa inyo. "Maliligtas ka raw sa pamamagitan ng iglesya."

¹⁷⁰ Maliligtas ka sa pamamagitan ni Jesus Cristo o kung hindi'y mapapahamak ka. Siyanga, po. Hindi ito sa ganang magagawa n'yo, wala kayong magagawa, tanging pagsisihan ang inyong kasalanan. Si Jesus Cristo ang Tagapagligtas. Siyanga, po. Ibinigay Niya, ibinigay Niya ang Kanyang buhay para sa inyo.

¹⁷¹ Ngayon, iniisip ko nga, ngayon... Habang papatapos na tayo, masasabi natin ito. Na, marapat sa atin, kung ganoon, na ating ibigay ang ating buhay at ating lahat, at talikuran ang lahat ng makamundo, lahat ng hindi sa Diyos, lahat ng di-pagsampalataya, at lahat, nang sa gayon ay makasunod mismo sa Kanya gaya ng ginawa ng mga alagad noon. Hindi ba't gusto n'yong gawin 'yan? Sumunod sa Kanya, para saan? Para makita ang dakila Niyang mga tanda ng Kanyang Pagparito.

¹⁷² Ngayon, alalahanin n'yo, ipinapangako ng Biblia, na, sa huling mga araw, sa pagtatapos mismo ng panahon, ay may isang Cristianong Liwanag na magliliwanag. "Ang una't huling ulan ay darating na magkalakip." Sabi ng propeta, "Magliliwanag sa panahon ng gabi. Magkakaroon ng araw na di matatawag na araw o gabi."

¹⁷³ Anong klaseng araw 'yun? Parang maulan, na makulimlim, na mapanglaw na araw. Haya't may araw na nagliliwanag, tunay, doon sa ibabaw mismo ng ambon at ulap-ulap ay ang araw na nagliliwanag. At sa gitna nun, sa kabila ng ambon, ay nagliliwanag 'yun, para makalakad kayo, makita n'yo kung saan ba kayo tumatahak.

¹⁷⁴ Yun ang mayroon tayo nang maraming-maraming taon, nang dalawang libong taon. Kita n'yo? Lumalakad naman tayo sa pamamagitan ng pananalig, at iniisip natin, "Buweno, ayos lang. Uh-huh. Nananalig naman tayo, at umaanib tayo sa iglesya, at inililista ang pangalan natin sa aklat ng pagdalo. At ayos lang 'yun. Nananalig tayo. Di naman na natin makikita 'yung mga bagay na 'yun gaya ng ginawa Niya noon nung mga panahon na 'yun, doon." Sabi nila, "Lahat n'yan ay wala na. Noon pa 'yun." At ganoon ang kalagayan natin nang—nang daan-daan at ilang daang taon, sadyang mapanglaw na araw.

Pero sinabi Niya, "Sa panahon ng gabi, Magliliwanag."

¹⁷⁵ Ngayon, ang siya ring araw na sumisikat sa Silangan ay ang siya ring araw na lumulubog sa Kanluran. Ang siya ring Jesus na... nagbuhos ng Kanyang Espiritu sa Silangan, sa mga

taong 'yun, ay ang siya ring Jesus na nasa huling mga araw, ay ibinubuhos ang Kanyang Espiritu, dito naman sa mga tao sa Kanluran. Kanyang ipinangako 'yun.

¹⁷⁶ Nangako Siya. Sabi Niya, “Kung papaano sa mga araw ni Lot, ay gayundin sa pagparito ng Anak ng tao.”

¹⁷⁷ Kung papaano nga na inihayag ng Diyos ang Sarili Niya sa katawang-tao, naupo roon at kumain kasama si Abraham, na ang Kanyang likod ay nakatalikod sa tolda, at sinabi kay Sarah kung ano ang iniisip nito, na nasa loob ng tolda. Sinabi kay Abraham kung anong pangalan niya, at kung anong pangalan ni Sarah, at kung papaanong dadalawin Niya sila. At si Sarah nga'y di noon naniwala, at tumawa, sa loob ng tolda. At ang sabi nung Anghel, “Bakit tumawa si Sarah?” Doon nga sa loob ng tolda, sa likod nung Lalaki.

¹⁷⁸ Sabi ni Jesus, “Kung papaano sa araw na 'yun, gayundin sa pagparito ng Anak ng tao.”

¹⁷⁹ Gaya ng lagi kong sinasabi, sinabi ko kagabi, gusto kong sipiin 'yun uli. Laging may tatlong uri ng tao, sa tuwina, gaya ng lipi nila Ham, Sem, at Japhet, ang tatlong anak na lalaki ni Noe. Sa pag-usad ng panahon, laging may—may tatlong uri ng tao. Ngayon inuuri natin sila bilang: di-mananampalataya, kunwang-mananampalataya, at mananampalataya. Ngayon ganoon po 'yun. Ganoon ang mayroon dun noon. Sabi ni Jesus, “Kung papaano sa mga araw ng Sodoma, ay gayundin ito rito.”

¹⁸⁰ Kay Abraham, na tinalikuran ang lahat, para sumunod, ngayon heto nga ito, dito mismo. Pinanghawakan niya ang pangako na 'yun nang taon at taon, dalawangpu't limang taon. Heto siya, sandaang taong gulang na. At heto nga siya sa may kaparangan. Yung bakahan niya'y nangangayayat, at walang tubig. At, si Lot, marangya ang pamumuhay niya dun na napapaligiran ng lahat ng mga bagay na hangad niya. At heto si Sarah, ang pinaka magandang babae sa lupain noon, at, heto na siya, na mukhang pinagkaitan na.

¹⁸¹ At marahil si Gng. Lot naman ay nasa makabago niyang gupit na palobo ang buhok, alam n'yo, at lahat ng bagay na ito. Namumuhay nga siya nang marangya sa dako roon. Siya ang asawa ng alkalde, at kaanib siya sa isang iglesya na pinaka sikat na iglesya. Siyanga, po. At di mapapasubalian na may koneksyon siya sa lahat ng mga sosyedad. Ayaw nga niyang mabuhay ng iba roon, na iwan 'yun, na anupa't lumingon siya pabalik. At naging haliging asin siya dahil mas inibig niya ang sanlibutan kaysa sa inibig niya na sumunod sa tinig ng Anghel.

¹⁸² Ngayon pansinin n'yo ang tatlong uri. Ang mga di-mananampalataya, ang mga taga-Sodoma, 'yung kala-kalahatian naman, sala sa init sala sa lamig na mga miyembro ng iglesya, na si Lot. Pero ang hirang, ang tinawag palabas na iglesya ay si Abraham at ang kanyang grupo. Mangyari nga,

na ang mga Anghel na ito, saan Sila nagtungo? Kay Abraham at sa kanyang grupo. Tama. Nagtungo sila, dalawa sa kanila ang nagtungo roon, gaya ng mga ebanghelistang sa makabagong panahon ngayon.

¹⁸³ Haya't may magagaling tayong mga ebanghelistang na—na nagtungo sa iglesyang denominasyon sa panahon ngayon. Isa sa pinaka dakilang lalaki sa bansa, na kilala natin, ay si Billy Graham. At tunay na talagang ipinagsisigawan niya ang Ebanghelyo sa mga tao sa dako roon, tinatawag sila palabas, “Lumabas kayo mula sa Sodoma.”

¹⁸⁴ Di na natin kailangang sumigaw ng “Lumabas kayo mula sa Sodoma,” sa Iglesyang ito. Dapat lang na nasa labas na ito, nasa labas na. Kung tinawag ito ng Espiritu Santo, marapat lamang na nakalabas na ito ng Sodoma, matagal na. Ganon nga. Tinalikuran na nito ang Sodoma. Siya'y nabubuhay na roon, sa Sarili Niya, mismo, nang bukod. Ang salitang *iglesya* mismo'y nangangahulugang “tinawag-palabas, inihiwalay.” At kung kayo'y inihiwalay na, ang inyong . . .

¹⁸⁵ “Lumabas kayo mula sa kalagitnaan nila. Huwag n'yong hipuin ang kanilang mga bagay na marumi.” Kung di n'yo pa nagagawa 'yan, naroon kayo sa Sodoma; isa lang kayong miyembro sa iglesya, sala sa init sala sa lamig. Kaya naman marapat lamang na ihiwalay n'yo ang sarili n'yo, at lumayo mula sa mga bagay ng sanlibutan, at lumabas, at mamuhay nang malinis at banal, lumakad sa mga utos ng Diyos.

¹⁸⁶ Alalahanin n'yo, 'yung dalawa sa mga Anghel na 'yun na nagtungo roon. Hindi sila nagpamalalas ng maraming himala. Isa lang ang himalang ginawa nila, 'yung bulagin ang mga tao roon nung nagsipuntahan ang mga ito para punteryahin sila.

¹⁸⁷ Buweno, 'yan mismo ang ibinubunsod ng pangangaral ng Salita, ang bulagin ang mga tao. At itong magagaling na mga ebanghelistang sa panahon ngayon, na nakikilala natin, marami sa kanila ang bumisita na sa Phoenix dito. At—at dakilang mga ebanghelistang mismo mula sa . . . na humayo sa labas, hindi nagpapamalalas ng mga himala't iba pa, pero ganap mismong binubulag ang mga di-mananampalataya, sila na mga taga-Sodoma, sa pamamagitan ng pangangaral ng Salita, na, “Si Jesus Cristo ang Anak ng Diyos.”

¹⁸⁸ Pero, heto nga, narito ang Iglesyang espirituwal; hindi ang iglesyang natural, hindi rin ang taga-Sodoma. Kundi ang Iglesyang espirituwal, na sumasampalataya sa Diyos, binisita mismo ng Diyos, gaya ni Abraham noon, at maging hanggang sa ngayon. Si Abraham ay ganap na tipo ng Binhi ni Abraham pagkatapos niya, sa Iglesya, “Isang bayan mula sa mga Gentil, para sa Kanyang Pangalan,” ang maharlikang Binhi, gaya ng aking ipinangaral nung Linggo. Kita n'yo? Ngayon, itong Iglesya, Ito'y tinawag palabas, ibinukod, tinalikuran ang lahat

ng nasa sanlibutan, lumabas, para lumakad sa Espiritu Santo, gaya ng ginawa noon ni Abraham.

¹⁸⁹ Nakita na natin ang lahat ng iba't ibang bagay, gaya noon kay Abraham, sa pagtugaygay. Pero ano nga ang huling tanda na nakita niya bago ang katapusan ng paglalakbay? Ano ang huling tanda bago ang inaasahang anak na lalaking 'yun ay lumitaw sa eksena? Si Abraham ay naghihintay sa isang anak na lalaki. Tama po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Tayo ba'y Binhi ni Abraham? ["Amen."] Kung ganoon ay may inaasahan tayong isang Anak, isang ipinangakong Anak, ang Anak ng Diyos.

¹⁹⁰ At mangyaring si Abraham ay sumaksi sa mahiwagang mga gawa mismo ng Diyos nung Kanyang tawagin siya, doon sa munting Liwanag na 'yun nung sandali na 'yun, at sa handog, at pagpapatibay nung tipan sa kanya. At maraming beses na Kanyang kinatagpo siya sa marami't iba't ibang paraan. Pero ang huling tanda mismo na ipinakita Niya kay Abraham, ay 'yung pagdating Niya mismo, na nahahayag sa laman, at naupo na ang Kanyang likod ay nakatalikod sa tolda, at nagsabi kay Sarah.

¹⁹¹ Walang pasubali na nanampalataya si Abraham na ang Diyos 'yun. May ilang mga tao na di naniniwalang ang Diyos 'yun. Pero, hayan nga, na sinabi mismo ng Biblia na ang Diyos 'yun. Sinabi ni Abraham na Yun nga. Tinawag niya Siya na, "Elohim." Ang Elohim ang dakilang Maylikha ng kalangitan at lupa.

¹⁹² Ngayon, inilikha Niya ang Kanyang Sarili, ng laman, bilang isang tanda, na sa huling mga araw (Nakikita n'yo ba ang mga taga-Sodoma, ang di-mananampalataya? Nakikita n'yo ba ang miyembro ng iglesya?), ngayon, tingnan n'yo ang mga Hirang, ang mga tinawag palabas, at Siya, sa Hirang na ito, Kanyang inihayag ang Kanyang Sarili sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, sa laman ng tao. Amen. Hindi n'yo ba nakikita na ito'y ang Mesias? Ang Diyos, si Cristo, kinakatawan sa Kanyang Iglesya; na ginaganap ng Iglesya ang siya ring Buhay, ipinamumuhay ang siya ring buhay, ginaganap ang siya ring mga tanda. "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya."

¹⁹³ Kung ang espiritu ng isang—isang masamang-loob ay nasa akin, may mga hawak akong baril kung ganoon. Kung ang espiritu ng isang pintor ay nasa akin, magpipinta ako ng mga larawan gaya ng isang pintor, at magagawa ko 'yun. Kung ang espiritu ng isang mekaniko ay nasa akin, masasabi ko kung anong sira sa inyong kotse. Kita n'yo?

¹⁹⁴ At kung ang Espiritu ni Jesus Cristo ang narito sa akin, gagawin ko ang mga gawa ni Cristo, dahil ang Buhay 'yun ni Cristo na narito sa inyo. Kita n'yo? Nahayag Kanino? Nahayag

Sino? Kanya ngang . . . Tinalikuran ang Kanyang pagka-Anak, at inaring may sala, at kinuha ang ating mga pagkakasala, nang sa gayon ay kunin Niya ang mga makasalanan at gawin silang mga anak. Siya'y naging ako, upang ako'y maging Siya. Siya'y napaging isang makasalanan, upang ako'y maging anak ng Diyos. Kanyang . . . Oh, ito'y—ito'y kamangha-mangha, ang bagay na Kanyang ginawa. Kita n'yo? Humalili Siya sa lugar n'yo, upang makuha n'yo ang lugar Niya. “Kayo'y kasamang tagapagmana kasama Siya; sa Kaharian.” Siya'y nagpaging makasalanan, gaya n'yo; ang inyong mga kasalana'y iniatang sa Kanya, nang sa gayon ay makuha Niya kayo at kayo'y ipaging kapwa-mamamayan ng Langit, at iupo kayo kasama Siya sa Kaharian ng Diyos. Hayan nga kayo: inilagay ang Kanyang Espiritu sa inyo. At kung ang Kanyang Espiritu ay nasa inyo, ang mga gawa na Kanyang ginawa ay gagawin din naman ninyo.

¹⁹⁵ Ngayon, tingnan n'yo ang bagay na ginawa Niya noong narito pa Siya sa lupa. Papaano Niya inihayag ang Kanyang Sarili?

¹⁹⁶ Hindi kayo puwedeng magpunta-punta, maglagi-lagi, at magpunta sa mga bilyaran, at maglalagi na liliban ng simba, at magpapaiwan sa bahay ng Miyerkules ng gabi, para manood lang ng kung anong maruming dula sa telebisyon, o kung ano na gaya nun, at isasawalang-bahala ang inyong simbahan, at lahat ng gaya nun, at aasa na makikita si Cristo. Kinakailangan n'yong talikuran ang mga bagay na 'yun, para sumunod sa Espiritu Santo.

¹⁹⁷ Ibunsod n'yo na Kanyang ihayag ang Kanyang Sarili bilang Mesiyas, gaya ng ginawa noon ng unang mga tagasunod. Sila nga'y sumunod sa Kanya, para makita kung Siya na ba ang Mesiyas. Ano sa palagay n'yo ang naganap nung si Andres ay namalagi buong gabi kasama Siya, siya at si Felipe? Nung sumunod na umaga, si Felipe'y humayo sa isang direksyon, at si Andres nama'y sa isa rin.

¹⁹⁸ Pinuntahan ni Andres ang kanyang kapatid na lalaki. At nung pagkakita na pagkakita pa lang niya kay Simon, ang sabi niya, “Halika, tingnan mo. Nasumpungan namin ang Mesiyas.” Nalaman niya na Siya ang Mesiyas. Bakit? Alam niya kasi kung ano ba ang magiging Mesiyas. Alam niya, batay sa Kasulatan, kung ano mismo ang magiging Mesiyas.

¹⁹⁹ Ngayon, hayan nga, na ang mga Judio, nung panahon na 'yun, mayroon silang kaisipan, 'yung naglalalaking mga simbahan dun. “Oh, kapag dumating ang Mesiyas, may tunog ng trumpeta na ihip sa buong himpapawid, at may pipihitin ang Diyos na kung anong bagay, at malaladlad mismo pababa ang pasilyo ng Langit. At magkakaroon ng pagpupugay ng isang Anghel na tutunog nang malakas sa buong kalupaan. At ang Mesiyas ay darating, na nangangabayo pababa dun sa pasilyo

nang paganoon, kasama ang mga Anghel at mga pangkat, at mga bagay tulad nun, bababa mismo sa templong *ito*, lalakad papasok. Siya'y ang Mesiyas. May hawak Siyang isang pamalo, at paghaharian ang lupa.”

²⁰⁰ Tingnan n'yo nga kung gaanong iba ang pagdating Niya, pero Siya nga'y dumating batay sa Kasulatan. “Nakaupo sa isang bisiro ng isang mola, dumarating, na nakasakay papasok ng Jerusalem, mababa at maamo.” Ganoon nga. Kita n'yo?

²⁰¹ Napalington nga nun maging ang propeta, na si Juan. Siya'y nangaral ukol sa isang Mesiyas na may kalaykay sa Kanyang kamay, na nililinisang nang lubos ang Kanyang giikan; at nung Siya'y dumating, maamo at mababa. Pero napagkilala ni Juan na 'yun ang Mesiyas, dahil nakita niya ang Liwanag na 'yun sa ibabaw Niya. At napagkilala niya 'yun. Sabi niya, “Siya na nagsabi sa akin sa ilang, ‘Humayo ka, magbautismo sa tubig,’ sabi, ‘Sa Kanya na makita mo ang Espiritu na bumaba't lumagi, Siya Yaong nagbabautismo sa Espiritu Santo at apoy.’” Walang iba pa ang nakakita nun. Nakita 'yun ni Juan. Ang pangako'y kay Juan.

Walang iba ang nakakita sa bituwin na sinundan ng mga lalaking pantas.

²⁰² At ganoon din ito ngayong gabi. Maaaring nakaupo ka rito, na dobleng bulag, at di makikita ang kapangyarihan ng Diyos. Hinding-hindi n'yo mapag-uunawa ito hangga't buksan muna ng Diyos ang inyong. . . “Lahat ng ibigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa Akin, at walang makalalapit maliban na siya'y palapitin ng Aking Ama.” Ganoon 'yun. Ganoon mismo.

²⁰³ Ngayon nalaman natin na tinalikuran nila ang lahat, at sumunod sila sa Kanya at nakita na Siya ang Mesiyas. Si Andres nga'y nagtungo at sinabi kay Pedro, sabi, “Alam mo ba 'yung sinabi sa atin ng ating tatay noon?” Parang ganito ang pagkakasabi, marahil. “Alam natin na kapag dumating ang Mesiyas, sinabi sa atin ni Moises na ‘ang Panginoon nating Diyos ay magbabangon ng isang Propeta’ kagaya niya. At alam natin 'yan, ganyan ang itinuro sa atin, ‘Kung may isa sa gitna natin, na espirituwal o isang propeta, na ang sabihin niya ay magkakatotoo, pakinggan n'yo siya. Kung di magkakatotoo, kung ganoon ay huwag n'yo siyang dinggin.’ At alam natin na ang Mesiyas ay magiging. . . di lang isang propeta. Siya'y Diyos na Propeta. Kaya ang Lalaking ito ay ang Tinutukoy na 'yun.”

“Paano mo nalaman, Andres?”

“Sumama ka lang, makikita mo.”

²⁰⁴ Lumakad dun papalapit. At nung paglapit na paglapit niya sa harapan ni Jesus, sabi ni Jesus, “Ang pangalan mo ay Simon, at anak ka ni Jonas.” Napagkilala niya, doon mismo, na 'yun ang Anak ng Diyos.

205 Hetong dumarating noon si Felipe, kasama si Natanael. Nung pagkalapit na pagkalapit mismo ni Natanael sa Kanya, nakilala . . .

206 Sila marahil, siguro, dun sa kamangha-mangha nilang pag-uusap, pinag-uusapan ang tungkol dun, habang parating. At kung papaanong sinabi ni Jesus kay Pedro ang mga bagay-bagay, at binigyan ito ng bagong pangalan, at sinabi kung sino siya, at kung sino ang tatay niya, at iba pa, mga bagay na tungkol dun. “Alam mo na ang Mesiyas ay propeta rin.”

207 Buweno, heto na nga siya na parating, lumakad sa harap ni Jesus. At ang sabi ni Jesus, “Narito ang isang Israelita na sa kanya’y walang daya.”

Sabi niya, “Rabi, kailan Mo po ako nakilala?”

208 Sabi Niya, “Bago ka pa tawagin ni Felipe, nung nasa ilalim ka ng punongkahoy, nakita na Kita.”

209 Sabi niya, “Rabi, Ikaw ang Anak ng Diyos. Ikaw ang Hari ng Israel.” Yun na ’yun mismo, para sa kanya.

210 Ang munti’t, abang kaawa-awang babae, mahalay, marumi, naka-anim nang lalaki ang kinasama. Lima dun pinakasalan niya, at ang isa na kinakasama niya ay di kanya. Nagtungo sa may balon isang araw para sumalok ng tubig. At nung ibaba na niya ’yung bomba, o ’yung panalok sa lubid, pababa, para sumalok ng tubig, at nung inuunti-unti na niya, nakita niya ’yung Lalaking edad-media na nakaupo sa banda roon, isang Judio. Sabi, “Babae, dalhan mo Ako ng maiinom.”

211 Sabi nung babae, “Naku’t may segregasyon tayo. Walang—walang . . . hindi kaugalian sa Iyo na maparito, bilang isang Judio, na hihingi sa akin, na isang Samaritana, nang kagaya n’yan. Wala tayong pakikipag-ugnay.”

212 Sabi Niya, “Pero kung nakikilala mo kung Sino ang kausap mo, hihingi ka sa Akin ng maiinom. Hihingi ka sa Akin ng tubig.” Sila nga’y . . . Nag-usap pa, nag-uusap sa isa’t isa, nang ilang sandali pa. Ano ’yung ginagawa Niya? Sinisikap Niyang hanapin kung saan ang suliranin dun sa babae.

Ngayon, “Kinailangan ni Jesus na magtungo ng Samaria.”

213 Alalahanin n’yo, ipinagkikilanlan lang Niya ang Kanyang Sarili sa Judio at Gentil . . . Yun nga’y lipi ni Ham, lipi ni Sem. Kita n’yo? Hindi kabilang ang lipi ni Japeth. Tayo na mga Anglo-Saxon, pagano pa tayo noon, nagsisisamba sa mga diyus-diyosan nung panahon na ’yun. Alalahanin. Bakit hindi Siya nagpahayag ng Kanyang Sarili, si Jesus, nung narito pa Siya noon sa lupa, sa mga Gentil, sa siya ring tanda, na ipakita ’yun sa kanila? Dahil ang mga Gentil ay di naghihintay ng Mesiyas noon.

214 Ang mga Judio ang naghihintay ng Mesiyas, at ang mga taga-Samaria ay naghihintay rin ng Mesiyas.

215 At inihayag Niya ang Kanyang Sarili bilang Mesiyas, sa pagsasabi kay Pedro, na pinagkalooban Niya ng mga susi ng Kaharian. At kay Natanael din. At sa bulag na Baritmeo rin, nung ang pananampalataya nito'y pinahinto Siya. At sa babae rin na may pag-agas ng dugo. At sa iba pa, sa mga Judio.

216 Pero heto nga Siya ngayon sa harapan ng mga taga-Samaria, at nagtungo Siya sa mga taga-Samaria, para ipakilala ang Sarili bilang ang tunay na Mesiyas.

217 Ngayon, sa daan-daang taon, kapwa ang Judio at ang taga-Samaria ay naniniwala na may Mesiyas na parating. Kaya, kung ang Mesiyas ay nasa lupa, nasa sa Mesiyas 'yun kung ihayag Niya ang Kanyang Sarili.

218 Tingnan n'yo si matandang Simeon sa templo, na may patotoo, na, "Di ako mamamatay hangga't makita ko muna ang Cristong Panginoon." At nung mismong sandali na dinala ni Maria ang Sanggol sa loob, ang Espiritu Santo'y nangusap kay Simeon. Lumakad siya papalapit kung nasaan Ito, nang *paganoon*, at itinaas ang kanyang mga kamay, at nagsabi, "Iyo pong tulutan na ang Iyong lingkod ay yumao na nang payapa ayon sa Iyong Salita, sapagkat nakita na mismo ng aking mga mata ang Iyong Pagliligtas." Si Simeon nga'y hindi nabuhay nang matagal para abutan pa Siya na nagpapamalas ng pagka-Mesiyas Niyang mga gawa, pero siya'y may tala na Siya nga.

219 Mangyaring Kanyang ipinapakilala ang Kanyang Sarili sa mga tao, bilang Mesiyas, na Siya yaong Diyos na Propeta. Ang babae na 'yun, nung kausapin Niya ang babae, sabi, "Humayo ka, kunin mo ang asawa mo at bumalik dito."

Sabi nung babae, "Wala po akong asawa."

220 Sabi, "Tama 'yang sinabi mo. Nagkaroon ka na ng lima, at ang isa na kinakasama mo ngayon ay di mo asawa."

221 Sabi ng babae, "Ginoo, napagkikilala ko na Ikaw ay isang propeta. Nalalaman namin, na kapag dumating ang Mesiyas, sasabihin Niya sa amin ang mga bagay na ito. Ito ang magiging tanda ng Mesiyas kapag dumating Siya. Siya Yaong magsasabi ng ganitong mga bagay sa amin."

At sabi ni Jesus, "Ako Siya na nakikipag-usap sa iyo."

222 Dali-dali niyang iniwan ang salukan niya ng tubig at kumaripas patungong bayan, at ipinamalita sa mga kalalakihan sa bayan, "Pumaroon kayo, saksihan n'yo ang isang Lalaki, Na nagsabi sa akin ng mga bagay na nagawa ko. Hindi ba't ito na ang mismong Mesiyas? Hindi ba't 'yun ang tanda na ipakikita sa atin ng Mesiyas?"

223 Di na Siya umulit na gawin pa 'yun, sa harap nila, bagkus ang sabi nila ang mga kalalakihan ng bayan ay nanampalataya sa Kanya dahil sa patoong ng babae na Siya ang Mesiyas. Amen.

224 Ngayon panahon naman ng Gentil. Tumugaygay tayo sa dalawang libong taon ng pag-aalinlangan, tagumpay-at-kabiguan, mga organisasyon, labas-masok, at mga pagtatalo-talo at alitan, at pagtatalo-talo at awayan, at lahat na, mga teologo at mga seminaryo, at kung anu-ano pa.

225 Ngayon, kung ibinunsod Niya sa mga taga-Samaria at mga Judio na dumating sa puntong 'yun, na talikuran ang mga diyus-diyosan ng sanlibutan, para paglingkuran ang Diyos, at maghintay sa paparating na Mesiyas, at ang Mesiyas ay ipinakilala ang Kanyang Sarili sa mga Judio sa ganoong paraan, nung araw na 'yun. . . At di Niya maaaring baliin ang Kanyang mga panuntunan. Haya't di Siya Ama na gagawa sa isa sa isang pamamaraan, at sa isa nama'y ibang pamamaraan, ibang bagay. Siya'y siya ring Jesus. Tama.

226 Ngayon, dito, tumugaygay tayo ng dalawang libong taon. Ang Espiritu Santo'y bumaba sa atin. Nagsalita tayo sa iba't ibang wika, at nasaksihan ang mga tanda't kababalaghan, at iba pa. Ngayon, ang huling tanda na nakita ni Abraham, bago dumating ang ipinangakong anak, ay ang Diyos na inihayag mismo ang Kanyang Sarili sa isang katawan na nakakakain, na humula't ipinakita ang siya ring tanda na ipinakita ni Jesus nung narito Siya, bilang Mesiyas. Ngayon, nagpropesiya si Jesus at sinabi na magkakaganoon nga. At, mga kaibigan, ngayon na ang oras.

227 Ang mga Judio na nakatayo roon, nung makita nila si Jesus na sabihin 'yun sa lalaking 'yun, ang sabi nila. . . Kailangan nila kasing ipaliwanag 'yun sa kanilang kongregasyon. Sila, alam nila mismo na nagawa nga 'yun, kaya wala na silang magagawa tungkol dun. Kailangan nga nilang tumugon sa kanilang kongregasyon, kaya ang sabi nila, "Ang Lalaking ito ay Beelzebub. Siya. . ." Yun ang iniisip nila sa puso nila. "Ang Lalaking ito'y Beelzebub, kita n'yo, dahil nakakapanghula Siya, na parang isang—isang nagbabasa ng isip, o kung ano. Siya'y Beelzebub."

228 Napagkilala ni Jesus ang kanilang iniisip. At bumaling Siya sa kanila, at ang sabi Niya, "Salitain n'yo man 'yan laban sa Akin, na Anak ng tao, patatawarin Ko kayo. Pero, mangyari, sa araw na dumating ang Espiritu Santo, para gawin ang siya ring bagay na ito. At ang magsalita ng laban Dito, wala ngang kapatawaran sa daigdig na ito ni sa daigdig man na parating."

229 Oh, kapatid, ikinagagalak ko sa gabing ito na matamo ang pagpapalang Pentecostal. Amen. Walang pasubali na dito, mga kapatid, nakaupo kayo rito na mula sa Church of God, Foursquare, Assemblies of God, at lahat ng iba-iba pa. Mainam po 'yan. Haya't, umusad lang kayo. Huwag. . . Manatili lamang kayo ryan. Kita n'yo? Pero huwag na huwag n'yong iisipin na ang kumot ay di mahahatak para tumalukbong sa iba n'yong

kapatid, din, sa ibang organisasyon na (kung tutuusin) ay may ganoon ding Espiritu Santo. “Ipinagkakaloob ng Diyos ang Espiritu Santo sa kanila na sumusunod sa Kanya.” Kaya ’yang ibang kapatid na ’yan ay sumunod, din, kita n’yo, kaya iunat n’yo lang ang pagkakatalukbong. Mainam ’yan. At maglakip-lakip tayo at magalak.

²³⁰ Tinalikuran na natin ang sanlibutan. Tayo’y Binhi ni Abraham. Tayo’y Binhi ni Cristo, ang ipinangakong Binhi. At heto nga tayo, dito mismo. At ano na nga uli ang huling bagay, na Kanyang ibinigay sa ating amang Abraham? Ang tanda na ’yun, bago ang Sodoma, bago ang pagtupok, at ang pagdating ng anak. Ngayon, bago mismo ang pagdating ng ipinangakong Anak, at ang pagtupok sa Sodoma, ipinangako ng Diyos sa pamamagitan ni Jesus Cristo na magiging ganoon nga mismo, “Kung papaano sa mga araw ng Sodoma.”

²³¹ Tumingin kayo sa mundo ngayon. Sa buong kasaysayan ng mundo hindi pa nga nakakakita nang ganoong karaming tao na baluktot ang seksuwalidad gaya ng mayroon tayo sa panahon ngayon. At ang koreo ko ay punung-puno ng mga nanay, na umiiyak, mula rito sa California. Mababasa mo sa pahayagan, na dahil sa pagkabaluktot ng seksuwalidad, aba, binago nito ang antas sa California, sa palagay ko, mga nasa tatlumpung porsiyento, ang itinaas kaysa sa nung nakaraang taon. Ang pagkabaluktot ng seksuwalidad, nagkalat sa lahat ng dako, napakahalay na. Ang mga eskuwelahan, mga paaralang pang-relihiyon mismo, kailangan nilang magtiwalag ng mga tao palabas ng kanilang paaralan, nahihirapan na tukuyin isa-isa. Mga binaluktot ang seksuwalidad, “iniiba ang natural na pamamaraan,” kagaya noon sa Sodoma, nakikita natin na ganoon na.

²³² Tingnan n’yo si Billy Graham, isang mensahero mula sa Diyos, sa pagpunta niya roon, pinapalaganap ang Ebanghelyo.

²³³ Ngayon, paano naman ang Iglesyang, Hirang? Marapat lang na Ito’y may tanda, rin. Hindi ba? Marapat lamang na mayroon Ito nun. Umaasa ako sa gabing ito na tatalikuran na natin ang ating kawalan ng pananampalataya, at manampalataya sa Panginoong Jesus, at sumunod sa Kanya, at tingnan ang Kanyang mga tanda sa huling araw, dahil ipinangako Niya na magaganap ito rito.

Iyuko po natin ang ating mga ulo.

²³⁴ Mayroon ba rito sa gabing ito na hindi pa Siya kinikilala bilang inyong Tagapagligtas, at nagnanais kayong talikuran na ang lahat at sumunod sa Kanya? Maaari n’yo bang itaas ang inyong kamay, sabihin, “Ipanalangin mo ako, Kapatid na Branham. Nais kong gawin ’yun, maging tunay na Cristiano.” Pagpalain ka ng Diyos. Mayroon pa po ba? Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, kapatid

na babae. Pagpalain ka ng Diyos, at ikaw, kapatid. May iba pa ba? Pagpalain ka ng Diyos, ginoo. “Nagnanais akong talikuran ang lahat. Gagawin ko—gagawin ko, Kapatid na Branham.”

²³⁵ May gusto lang akong itanong. Kapatid na lalaki, kapatid na babae, di ko—di ko sadya—di ko sadya na saktan ang sino man. Pero, kita n’yo, kayo—kayo—kayo. . . Kayo’y responsable sa Salita. “Kung—kung kayo ay magsisipanatili sa Akin, at ang Aking Salita sa inyo.” Kung minsan nakapagsasalita ako ng mga bagay na talagang humihiwa sa akin, lalong-lalo na kung minsan sa aking mga kapatid na babae.

²³⁶ Dahil, kung papansinin n’yo ang babae ang ginamit noon ni Satanas sa pasimula. Pinili ng Diyos ang lalaki. Pinili ni Satanas ang babae.

²³⁷ Ang babae’y pinagpala, siyanga, na maging inkubador na nagsilang kay Jesus Cristo sa lupa. Ngayon, Yun nga’y hindi niya Anak. Alam n’yong lahat ’yan. Hindi siya tinawag ni Jesus kailanman na ina. Siya nga’y wala roong. . . Halo-halo po ang narito ngayon na nakikinig, pero pakinggan n’yo ako. Walang punlay na galing kay Maria. Lahat ng ’yun ay nilikha, birhen, ng Diyos. “Lumilim ang Espiritu Santo.” Yun ang dahilan kung bakit di siya tinawag ni Jesus na ina. Si Jesus ay di bahagi niya, kahit katiting. Siya’y inkubador lamang na ginamit ng Diyos, para isilang ang Sanggol.

²³⁸ Dahil, kung mayroon man na bahagi ang babae roon sa Batang Lalaki, sa Sanggol na ’yun, ang babae (nauunawaan n’yo; kayo na mga matatanda na’y nauunawaan ang ibig kong sabihin), kinakailangan na may kung anong paglililihi, na may kung anong punlay na manggagaling dapat sa babae, sa pamamagitan nun, kaya kung ganoon ay parang seksuwal na paniniig ’yun kasama ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Kaya di maaari.

²³⁹ Nilikha ng Diyos ang sanggol, kapwa ang itlog at Dugo. Kapwa ang selyula, ng babae at lalaki, Diyos ang naglikha nun. Yun ang dahilan kung bakit ang katawan na ’yun ay ibinangon. Tunay. Siya ang una sa pagkabuhay na mag-uli. Kaya di Niya tinawag siya na ina. Sabi nila, “Nariyan ang Iyong ina na hinahanap Ka.”

²⁴⁰ Sabi Niya, “Sino ba ang Aking ina?” Sabi, “Sila na gumagawa ng kalooban ng Aking Ama, ’yun ang Aking ina.” Kita n’yo? Kaya kahit minsan ay di Niya siya tinawag na ina. Tinawag Niya siya na “babae.” Ganoon nga siya.

²⁴¹ At ilan sa inyo na minamahal kong Katoliko’y ginagawa siyang isang diyos, o isang diyosa, reyna ng Langit. Hindi ’yun tama. Hindi, hindi dapat. Siya’y kalugud-lugod na babae. Siyanga, po. Tunay. Pero hindi nga siya higit sa sinupamang ibang babae na pinili ng Diyos na gamitin. Puwede namang ibang babae ang ginamit ng Diyos. Pero Kanyang ginamit siya,

hayang nga. Siya'y isang inkubador, dahil 'yun nga siya, para ang Binhi'y mapanatili sa init, at kung ano pa gaya nun. At ang Buhay ay pumaroon sa Sanggol. Hayang nga na ang Dugo, ang hemoglobin, gaya ng nalalaman natin sa tuwina, at galing sa kasariang lalaki. At Siya'y lalaki, ang Manlilikha. Siya'y hindi Judio hindi rin. . . Ang Sanggol nga. . .

²⁴² Si Jesus ay di Judio hindi rin Gentil. Siya'y Diyos. Tama. Ang Diyos Mismo'y lumikha ng isang katawan na Kanyang pinanahanan. Yun ang Kanyang Anak, si Jesus Cristo. Yaong banal, na birheng kapanganakan ang nagdala sa tao na ito, sa walang bahid-dungis na paglilahi sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ang babae nga'y walang bahagi dun, hindi kanya ang itlog ni ang selyulang dugo.

²⁴³ Ang dugong selyula ay sa lalaki. Ang itlog ay sa babae. Kung sa ganoong paraan, ay dapat may kung anong klaseng pagnanasa at paglilahi, para magbunsod ng kaganapan.

²⁴⁴ Pero sa kasong 'yun, walang ganoon kundi paglililim lang ng Espiritu Santo, at nilikha nga ng Diyos sa loob ng babae. Hayang nga ang aking Tagapagligtas. Haya't kung wala Siya, lahat tayo'y mapapahamak.

²⁴⁵ Ngayon, ilan sa inyo na mga narito, mga kababaihan, kayo, marahil na mga Pentecostal na kababaihan, na matagal nang nagdadamit ng imoral na pananamit, nagpapaputol ng buhok, gumagawa ng kung anu-ano. Napansin ko rito sa California, na di ganoong karami ang. . .

²⁴⁶ O, dito sa Arizona, ang ibig kong sabihin, di ganoong karami ang naglalagay ng kolorete. Yun nga'y sinasaway, din. Buweno, wala sa Biblia na sinasabi sa inyo sa huwag mag-kolorete. Alam lang natin na mali 'yun, dahil 'yun ay sa sanlibutan.

²⁴⁷ Pero may utos sa Biblia na ang babae, na nagpuputol ng kanyang buhok, ay isang taong walang dangal. At kung 'yun ang tingin ng Diyos, at sinasabi mong mayroon kang Espiritu Santo, at ginagawa pa rin 'yun, may bagay na mali.

²⁴⁸ "Ang magsuot ng damit na ukol sa lalaki." Oh, kapatid na babae, na minamahal, huwag n'yong parisan ang sanlibutan. Talikuran n'yo ang sanlibutan. Manghawakan kay Cristo.

Sasabihin n'yo, "Anong magiging kaibhan nun?"

²⁴⁹ "Mapalad siya na tinutupad ang lahat ng Kanyang mga utos, nang sa gayon ay magkaroon siya ng karapatan na makapasok sa Punongkahoy ng Buhay." "Ang magkasala sa maliit ay nagkasala na sa kabuoan."

²⁵⁰ Alam n'yo ang tama. Kung kamit n'yo ang Espiritu Santo, tunay na sasabihin Nito sa inyo ang mas nakabubuti. Sasabihin Nito ang mas nakabubuti, kung 'yan ay Espiritu Santo.

²⁵¹ Ngayon, kung kayo'y may pagkatanto sa inyong kasalanan, at nagnanais na makapagsimula sa gabing ito, at magsabi,

“Kapatid na Branham, di ko ’yun napagtatanto noon. Ako pala’y napapalihis na. Nais ko pong magpasimula na pabinago. Mula ngayon, maglilingkod na ako sa Diyos.” Itaas n’yo ang inyong kamay, sabihin, “Ipanalangin mo po ako, Kapatid na Branham.” Pagpalain ka ng Diyos. Kailangan ng lakas ng loob. Kailangan ng tunay na . . . Pagpalain ka ng Diyos. Maraming mga kamay. Sige. Pagpalain ka ng Diyos. Mangyari po, na kung nababatid n’yo, na may isang Bagay sa kaibuturan n’yo, na sinasabi na kayo’y mali, kung ganon mapagkikilala mo na ang Diyos ay nariyan lang malapit sa inyo.

²⁵² Pero kung napakinggan n’yo na ang Salita nang ganoong kalinaw, tapos mauupo pa rin kayo riyan at magsasabi, “Di ko gagawin. Di alam ng mangangaral kung anong pinagsasabi niya,” at samantalang sinisipi ko lamang ang Salita rito, kita n’yo, kung ganoon may kung anong mali riyan sa nasa loob n’yo. Kita n’yo? Wala na ngang iba pang bagay ’yan, si Satanas ’yan. Ganoong kasimple. Laban ’yan sa Diyos. Laban ’yan sa Kanyang mga panuntunan. Laban ’yan sa Kanyang Salita.

²⁵³ May nagsabi sa akin, di pa katagalan, isang bantog na mangangaral. Sabi niya, “Kapatid na Branham.” Tinawag ako sa tanggapan niya, pinatungan ako ng kamay. Sabi, “Sisirain mo lang ang iyong pagmi-ministeryo.”

Sabi ko, “Ano po?”

²⁵⁴ Sabi, “Lagi mo kasing binubulyawan ang mga tao, sa bagay na ginagawa nila.” Sabi, “Bakit di mo na lang. . . iniisip pa naman ng mga tao na propeta ka.”

Sabi ko, “Di po ako propeta.”

²⁵⁵ Sabi niya, “Buweno, iniisip ng mga tao na ikaw nga. Bakit di mo na lang sila turuan ng espirituwal na mga bagay, kung paano sila makatatanggap ng espirituwal na mga pagpapala at mga bagay-bagay?”

²⁵⁶ Sabi ko, “Papaano ko sila matuturuan ng espirituwal na mga bagay kung di nila alam maski ang kanilang ABC? Hayan sila na wala na ngang kalinisang pamumuhay para luminya sa Salita, paano pa kaya pagdating sa espirituwal na mga bagay. Kung di nila mapani-paniwalaan ang mga makalupang bagay, papaano sila mananampalataya sa makalangit na mga bagay?”

Sabi niya, “Buweno, sisirain mo lang ang pagmi-ministeryo mo kung ganun.”

²⁵⁷ Sabi ko, “Alinmang pagmi-ministeryo na sisirain ng Salita ng Diyos, masira na.” Manumbalik kayo sa Salita. Yun ang tama.

²⁵⁸ Ngayon, kung naninigarilyo pa kayo, at kung anu-ano pa na gaya nun, at mag-aangkin na kamit mo ang Espiritu Santo, mahiya kayo. Kayo na mga kalalakihan! Sinasabi n’yo, “Bakit mo pinagsasabihan masyado ang mga kababaihan?” Kayo na mga kalalakihan na pinababayaang lang ang inyong asawang

babae na gawin 'yun, oh, ginoo, tapos tatawagin ang sarili n'yo na isang Cristiano, mahiya kayo.

259 Alam ko na nakakasakit ito. Pero, kapatid, panahon na—panahon na ng pag-iigi. Panahon na upang ang Espiritu Santo'y pumarito, para kubin ang Kanyang Nobya. At kung di 'yun lumilinya sa Kanyang Salita, kung ganoon may bagay na mali sa kung saan.

260 Kayo na napapalayo, nagpapaiwan sa bahay ng Miyerkules ng gabi at di nagpupunta rito sa simbahan, panay ang nood ng telebisyon, at sa iba pang mga gabi na dapat narito ka sana sa simbahan! Isipin n'yo, na sasabihin n'yo—sasabihin n'yo, at kung kayo'y nagpupunta sa simbahan, kinakailangan n'yo pang pilitin ang sarili n'yo, dahil iniisip n'yo na batas ang pagtupad n'yo dun. Pero kailangan n'yong gawin. Marangal 'yun na gawin. At kung wala kayong pag-ibig na gawin 'yun, may kung anong bagay na mali. Hayan nga ang Espiritu Santo na magbubunsod sa inyo na ibiging maglingkod sa Diyos.

261 Ngayon, sa bagay na 'yan, habang nakayuko ang inyong mga ulo, lahat ng may hipo na gusto nilang makapagsimula sa Diyos, sa gabing ito, itaas n'yo ang inyong kamay. Ang lahat po ng narito ngayon, sige't itaas n'yo lang ang inyong kamay, lahat po, sa buong paligid. Pagpalin ka ng Diyos, pagpalain ka, ikaw, ikaw, ikaw, ikaw. Pagpalain ka ng Diyos. Mainam. Sige't ipanapalangin ko kayo.

262 Makalangit na Ama, ngayon naipangusap ko na ang Iyong mga Salita nang payak at malinaw, at nakakahiwa, gaya ng nalalaman ko kung paano. Hindi para maiba lang; kung 'yun ang saloobin ko, Panginoon, ako po dapat ang naroon sa may altar. Pero kung makita ko nga ang isang tao, na kapatid kong lalaki o kapatid na babae, na lumulubog sa isang bangka na may tagas, at di ako sisigaw sa kanila, o iwawasto sila, o kung sa paanong paraan ay maialis sila mula sa kalagayang 'yun, kung ganoon ay di ko sila mahal. Heto po na sinisikap ko na maialis sila roon, Panginoon, nang sa gayon ay ligtas sila.

263 Oh Diyos ng Langit, ipinapanalangin ko ang bawat isa sa kanila na nagsipagtaas ng kanilang mga kamay. Nakikita ko na marami sa mumunting mga kababaihan na putol ang buhok ang nagsipagtaas ng kanilang mga kamay, na may sapat na biyaya sa kanila na napagtanto nila na sila'y mali. Marami rin ang hindi. Ngayon, Ikaw po ang Tagahatol dun. Pero dalangin ko, Diyos, na Iyong ililigtas sila. Iyo pong ipagkaloob. Lagi . . .

264 Ang mga kalalakihang 'yun na nagsipagtass ng kanilang kamay, kalugud-lugod na batang-bata pang mga kalalakihan kasama ang kanilang asawa, at ang iba pa, ay nagsipagtaas ng kanilang kamay. Ang mga matatanda'y nagsipagtaas din ng kanilang mga kamay. Ngayon, Ama, kinakailangan naming

talikuran ang sanlibutan at ang mga bagay ng sanlibutan, o kung hindi'y di Ka namin mapaglilingkuran.

²⁶⁵ Dalangin ko na Iyong ihahayag ang Iyong Sarili sa gabing ito sa paraan na makita nawa ng mga tao, 'yun, ang Salita na binigkas. Ang mga tao nga'y makapagsasabi ng kung anu-ano na lang. Pero kapag Diyos ang pumarito at pagtitibayin ang Kanyang Salita, 'yun ang patunay na ito'y ang Kanyang Salita, kaya naman wala na kaming mairarason pa. Dalangin ko, Ama, na Iyong ipagkakaloob ito sa gabi pong ito. At kapag ang mga taong ito . . .

²⁶⁶ Marahil marami sa kanila ang makasalanan. Marami ang nagsipagtaas ng kanilang mga kamay, bilang makasalanan. At dalangin ko, Ama, na sa pagsaksi nila sa kahayagan. . . At umaasa ako na Iyong gagawin po ito sa gabing ito, na ipapakita Mo ang Iyong Sarili, na ang katapusan ay narito na. Na ang Anak na hinihintay ay napipinto nang dumating sa Binhi ni Abraham, at ang Sodoma'y tutupukin na.

²⁶⁷ Darating ang araw na wala ni isang bato ang nakapatong sa isa pang bato, sa Phoenix. Walang ititira sa lambak na ito. Sa siyudad na ito sa gabing ito na ang pangangalunya, pag-inom ng alak, paninigarilyo ng mga nanay, anak na babae, sayawan, pamamaluktot, patuloy sa kasamaan, mga lalaking imoral ang pamumuhay, ang kasalanan ng siyudad na ito! Oh Diyos, mangyari nga na kapag tatanaw ako rito, haya't naiisip ko, "Ano pong silbi na magsumikap pa ako?"

²⁶⁸ Pero heto nga na sa pagtanaw ko roon at makita ang munting Liwanag *dito* at *doon*, isang banal na Cristiano, na nananalangin. "Lahat sila na nagbubuntong-hininga at nagsisidaing dahil sa kasuklam-suklam na nagawa sa gitna ng bayan, ang Anghel ay inatasan na maglagay ng isang Tanda sa kanila, lagyan sila ng tanda, at sila ang di wawasakin." At dalangin ko, Ama, na marami nawa ang maging pinabanal na Cristiano, na lubos ang malasakit, hindi natatakot na sumigaw laban sa kasamaan. Diyos, sa araw pong ito, Iyo pong ibunsod na aming masalita ang mga bagay na tama.

²⁶⁹ At may Araw ng Paghatol na parating, at hayon nga na wala nang mairarason pa, dahil ang Mensahe sa gabing ito'y ipalalabas sa tabing, sa mga kulandong ng langit, at kami'y magsusulit. Kaya dalangin ko, Ama, na Iyong tutuliin ang mga puso nila mula sa mga bagay ng sanlibutan, nang sa gayon mamuhay sila ng maka-Diyos na buhay sa mundong ito sa kasalukuyan. Amin pong hinihiling ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

²⁷⁰ Pasensya na po kung napanatili ko kayo nang matagal. Tayo . . . Ako'y—ako'y gahol na. At ayaw ko—ayaw ko naman na . . . Dapat nakalabas na ako. Nung isang . . . Gabi-gabi, ako po'y lumalabas nang bandang, mga alas diyos, 'yun na ang

pinaka matagal. Gusto ko sanang makalabas ngayong gabi ng alas nuwebe y media. Di ko lang po nagawa.

Ngayon, pansumandali na lang po, upang ilagay ang—ang pagtatanda sa bagay na ipinangusap ko.

²⁷¹ Ngayon, sa katunayan, di po talaga ako mangangaral. Alam 'yan ng lahat. Wala po akong edukasyon, at nagagamit ko ang kinalakihan kong mga Kentucky na salita na “his,” “hain't,” at “tote,” at “fetch,” at “carry,” at “them thar.” At dun n'yo malalaman na di talaga ako mangangaral. Wala po ako nung edukasyon para masabing mangangaral.

²⁷² Pero ako po'y isang Cristiano. Iniligtas ako ng Panginoong Jesus mula sa kasalanan. Batid ko 'yan. At binigyan Niya ako ng isang Salita para pagtibayin ang kaunti na nalalaman ko. Sa katunayan po, hindi ako naglalagay ng sariling interpretasyon dito. Binabasa ko lamang Ito. At kung ano ang sabihin Nito, 'yun ang sinasabi ko. Kita n'yo? Yun ang buong nalalaman ko. Kita n'yo? Ngayon, kung mali ang pagkakapaliwanag, di ko po alam. Sinasabi ko lamang ito sa paraan ng pagkakapaliwanag *dito*. Kita n'yo? At lagi Siyang naroon sa likuran nito, at ito'y kinakatigan.

²⁷³ Naniniwala ako na si Jesus Cristo ay malapit nang dumating. Naniniwala ako na Siya'y ang siya pa ring Jesus, kahapon, ngayon, at magpakailanman. Naniniwala ako na sinabi Niya, “Kaunti pang panahon, at ang sanlibutan,” kosmos, ang kalakaran ng sanlibutan, “ay di na tayo makikita pa...di na Ako makikita pa. Subalit, makikita n'yo Ako, kayo, ang Iglesya, dahil Ako,” panghalip panao, “Ako'y sasama sa inyo, sasa inyo, hanggang sa katapusan ng mundo. Ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo.” Inyo po bang pinaniniwalaan 'yan? Nasumpungan nga natin kung anong mga gawa ang Kanyang ginawa, kung papaano Niya inihayag ang Sarili Niya.

²⁷⁴ Ipinapanalangin ko, ngayong gabi, na gagamitin ng Diyos ang iglesyang ito. . . Ngayon, kahit na gaano pang pinahiran Niya ako, kinakailangan na pahiran din Niya kayo, siyanga rin. Kita n'yo? Kahit na gaano pa ang pagsisikap ng Espiritu Santo na mangusap *dito*, kinakailangan na mayroon Itong bagay na *nariyan*, para pakinggan ito.

²⁷⁵ Dumaan si Jesus sa isang grupo ng mga tao, isang araw, at sila'y nagsisigawan, “Rabi, Rabi, nagagalak kami na naparito ka, *ganito-at-ganoon*.” Lumampas lang si Jesus.

²⁷⁶ At may munting babae na lumapit at hinipo ang laylayan ng Kanyang damit, at bumalik at naupo. Huminto si Jesus at nagsabi, “Sinong humipo sa Akin?”

²⁷⁷ Mangyari nga, sabi ni Simon Pedro sa Kanya, na para bang, aba, sinaway niya Siya. Sabi niya, “Buweno, bakit Mo

po sasabihin ang bagay na gaya n'yan? Ang lahat naman ay napapadikit sa Iyo."

²⁷⁸ Sabi Niya, "Pero napagtanto Ko na Ako'y nanghina. May bisa," na ang ibig sabihin ay lakas, "na nahugot mula sa Akin."

²⁷⁹ Tumanaw Siya sa mga tao roon. May isa na nanampalataya sa Kanya. Kahit na, marahil nasa daan-daan ang naroon, pero may isa nga na nanampalataya. Nasumpungan Niya ang munting babae na 'yun, sinabi sa babae ang tungkol sa pag-aagas ng kanyang dugo, na huminto 'yun, at magaling na siya. Tama ba? Tapos nagpatuloy na. Kita n'yo? Siya'y siya pa ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

²⁸⁰ Ngayon, may mga ipinamigay tayong mga prayer card. Ibinigay natin ang kalahati nun, sa dako riyan kagabi, kalahati naman ang ngayong gabi.

²⁸¹ Nag-umpisa ba tayo sa una, kagabi? Nag-umpisa ba tayo sa unang labing-lima o dalawampu, kagabi, mula bilang isa hanggang *ganito-at-ganoon*? Ano po? Anong sabi n'yo? [Isang kapatid na lalaki ang nagsasabi, "Dalawampu."—Pat.] Bilang isa hanggang dalawampu. Sige. Marami sa kanila ang narito sa gabing ito.

²⁸² Maglaan tayo sa mga naroon sa likuran, kung ganoon. Mag-umpisa na tayo. Tingnan natin. May labing-limang minuto pa tayo, maglaan tayo ng labing-limang card, kung ganoon. Tingnan natin, sige't bilang walumpu't lima hanggang bilang sandaan. Magsimula tayo sa bilang walumpu't lima, hanggang bilang sandaan.

²⁸³ Sino ang may hawak ng prayer card bilang walumpu't lima? Itaas mo ang kamay mo. Walumpu't lima, 'yung babae dun sa likod? Halika rito, kapatid na babae. Bilang walumpu't anim, sino ang may hawak ng walumpu't anim? Narito. Walumpu't pito, walumpu't pito. Itaas lang po ang kamay, walumpu't pito. Ang lalaking ito, walumpu't pito. Walumpu't walo, walumpu't walo. Walumpu't siyam, walumpu't siyam. Siyamnapu, siyamnapu't isa, siyamnapu't dalawa, siyamnapu't tatlo, siyamnapu't apat, siyamnapu't lima, siyamnapu't lima. Sige. Siyamnapu't anim, siyamnapu't pito. Siyamnapu't anim, di ko po nakita na nagtaas ng kamay, siyamnapu't anim. Ngayon, kung natawag ang card n'yo, lumapit lang. Kita n'yo? Siyamnapu't pito, siyamnapu't walo, siyamnapu't siyam, sandaan. Sige. Habang ang mga natawag na ito. . . Isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito, walo, siyam. May walo pa na wala.

²⁸⁴ Ngayon pakinggan n'yo. Totoo po ito. Huwag kayong dadako rito na may kasalanan na nakasabit pa sa inyong buhay. Kinakailangan n'yong ipagtapat na 'yan diyen, sa Diyos. Pero kung-kung nagawa n'yo na, kung naipagtapat n'yo na ang inyong pagkakasala, lumapit po kayo.

285 Ilan po riyan ang walang prayer card, at nagnanais kayo na pagalingin kayo ni Jesus? Itaas n'yo ang inyong kamay. Ilan ang sasampalataya, na kung ibunsod ni Jesus Cristo. . . Kung Kanyang. . . Ilan ang sumasampalataya rito?

286 Masdan. Tatanungin ko lang ang mga ministro sa likod ko. Kapatid, totoo ba, bilang mga ministro ng Ebanghelyo, tayo'y naniniwala na ang Biblia, sa Bagong Tipan, sa Aklat ng Mga Hebreo, sinasabi dun na Siya ang Dakilang Saserdote, ngayon, isang Dakilang Saserdote na nahihipo't nahahabag sa ating mga kahinaan? Tama ba, mga kapatid?

287 Ilan sa mga nariyan ang nakakaalam na sinasabi 'yan mismo ng Biblia? "Isang Dakilang Saserdote."

288 Buweno, kung Siya'y ang Dakilang Saserdote na maaaring hipuin na nahahabag sa ating mga kahinaan, ngayon, papaano Siya noon kumilos, kung Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, hayan nga, papaano Siya kumilos noon nung may humipo sa Kanya nang may pagkahabag sa kanilang mga kahinaan? Yung munting babae na may pag-aagas ng dugo, na humipo sa Kanya, mangyari nga na may pangangailangan siya na kahabagan; bumaling Siya, at tumingin sa paligid hanggang sa makita Niya ang babae, tinawag ang babae. Tama ba? Tama ba, mga kapatid? Ngayon, kung Siya'y ang siya ring Dakilang Saserdote, marapat lamang na kumilos Siya sa siya ring paraan, dahil Siya yaong—Siya yaong Dakilang Saserdote. Tama po ba? Buweno, marapat lamang na kumilos Siya sa siya ring parehong paraan.

289 Ngayon, di n'yo kailangan ng prayer card. Hindi. Hindi n'yo naman kailangan talaga itong prayer card. Ang tanging bagay na kailangan n'yo ay magkaroon ng pananampalataya sa Diyos. Magkaroon ng pananampalataya, manampalataya lang nang buong puso n'yo na si Jesus Cristo'y nagpapagaling ng mga maysakit at mga nagdadalamhati, at siguradong gagawin Niya ito.

290 Ngayon, iyuko lang natin ang ating mga ulo pansumandali para sa pananalangin ngayon, uli, bago magsabi o gumawa ng kung anong bagay. Ngayon, di ko sinasabi na magpapamalas Siya. Umaasa lamang ako na Kanyang gagawin. Pero ako—ako nga'y nananampalataya, at umaasa na Kanyang gagawin. Ngayon, kung gawin Niya, ilan sa inyo ang sasampalataya? Itaas n'yo ang inyong kamay. Nawa'y ipagkaloob Niya, 'yan ang panalangin ko.

291 Makalangit na Ama, naipangusap ko na po ngayon ang sinabi ng Iyong Salita, "Talikuran ang lahat, para sumunod sa Iyo." Ang mga tumalikod sa lahat, ay siguradong masusumpungan Ka. At kahit na ano pang pagpapamalas ang gawin Mo, sila na mga hindi tatalikod sa kasalanan at susunod,

ay di kailan makauunawa. Pero sila na tatalikod sa kasalanan, tatalikod sa di-pagsampalataya . . .

²⁹² Alam namin na ang kasalanan ay di-pagsampalataya. Kahit na gaano pang kabanal ang pamumuhay namin, ano man ang lahat ng nagagawa namin, kung di kami sumasampalataya, makasalanan at makasalanan kami. Sinasabi ng Biblia, “Ang di sumasampalataya ay hinatulan na.” Kaya nalalaman namin na kinakailangan naming manampalataya “sa bawat Salita na nagbubuhay sa bibig ng Diyos.” Yun po dapat ang aming tinapay sa araw-araw.

²⁹³ At dalangin ko, Ama, na, kagaya ng sinipi ko sa mga Kasulatan ngayong gabi, ang Iyong mga pangako para sa huling mga araw na ito, at kung ano ang aming susumpungan para sa huling mga araw na ito. Kung ang mga ito’y tama, Panginoon, kung ganoon ay Iyo pong kumpirmahin ang mga Salitang ito sa pamamagitan ng mga tandang lumalakip. Iyo pong ipagkaloob.

²⁹⁴ Itinatagubilin ko ang aking sarili sa Iyo, at ang Salita, at ang mga tao. Dalangin ko, Ama, na Iyo pong tutuliin ang mga puso ryan, para makasampalataya nang buong puso nila, at lalong-lalo na po sa mga taong ito na paririto sa pila para sa pananalangin. At ibunsod na makita ng mga taong ito na ang Mesiyas, si Jesus Cristo, ang Espiritu Santo, ay narito sa amin sa gaging ito. Siya’y nasa Iglesya, ang Hirang na Iglesya, ang tinawag palabas, Binhi ni Abraham, sa pamamagitan ng maharlika pangako. Iyo pong ipagkaloob ito, sa Pangalan ni Jesus. Amen.

²⁹⁵ Ngayon, ngayon may titingnan lang po ako rito, pansumandali. Ngayon, susulitin lang po natin ang ating oras, nang kaunting minuto, kaunti lang po, mga sampung minuto.

²⁹⁶ Iniibig n’yo ba Siya? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Sinasampalatayanan n’yo ba Siya? [“Amen.”] Pinaniniwalaan n’yo ba na ang mga bagay na ito na binasa ko sa inyo mula sa Salita ngayong gabi ay katotohanan? [“Amen.”] Sinasampalatayanan n’yo ba na ginawa ’yan ni Jesus noong narito Siya sa lupa? [“Amen.”] Sinasampalatayanan n’yo ba na Kanyang ipinangako ito? [“Amen.”] Naniniwala ba kayo na narito na tayó sa huling mga araw? [“Amen.”] Ngayon, ’yan ang pangako Niya. Marapat lamang na ipamuhay Niya ito. “Kung mananatili kayo sa Akin, ang Aking mga Salita ay mananatili sa inyo, kaya naman hingin n’yo ang inyong nais. Ito’y gagawin sa inyo.” Ngayon, ang inyong motibo at layon ay dapat tama. Kinakailangan n’yong manampalataya nang buong puso n’yo.

²⁹⁷ Ngayon, sa tingin ko walang tao rito sa pila para sa pananalangin na kakilala ko. Estranghero tayó. Estranghero ako. Sila na *nariyan*, mga estranghero. Lahat kayo na wala akong nalalaman tungkol sa inyo, kayo na nasa pila para sa pananalangin *dito*, itaas n’yo ang inyong kamay, kayo

na nalalaman na di ko kayo kakilala. Sige. Kayo *riyan*, na nalalaman na di ko kayo nakikilala, o wala akong nalalaman tungkol sa inyo, itaas n'yo ang inyong kamay, patingin lang. Hayan kayo. Kung ganoon, isa 'yang lihim na bagay. *Heto* sila na may mga prayer card. *Hayan* naman sila na mga walang prayer . . .

²⁹⁸ Kung tutuusin po ang prayer card ay munting pirasong card lang na may nakasulat na numero riyon. Ibinibigay lang sa inyo ang numero, ang binata rito'y lumalapit at hinahalo-halo ang mga 'yun, at sinuman na nagnanais ng prayer card ay nabibigyan. At di alam ng namimigay, walang nakakaalam, kung alin ba ang aking . . . Buweno, di niya alam ang pagkakahalo ng mga card, kung nasa ganito bang puwesto 'yung isang ito o sa isa. Di nila alam kung sino ang makakasali sa pila para sa pananalangin, dahil di natin masasabi 'yan. Maraming beses, dinadala natin sila riyon . . .

²⁹⁹ Nung nagpapasimula pa lang ako noon, may naatasan tayo na ibinebenta niya pala ang mga prayer card. May magsasabi, "Bibigyan kita ng limang daang dolyar para mailagay ang asawa kong babae sa pila." Kita n'yo?

³⁰⁰ Kaya sarili ko nang anak ang inatasan ko. Tapos binilin ko, "Anak, para kitang-kita ka ng mga tao't walang pagdududa, para malaman nila na di ka nagbebenta ng prayer card, tumayo ka sa harap nila, paghalu-haluin mo ang mga prayer card nang *paganito*, tapos ipamahagi mo sa sinuman na may nais nito. At kung tutuusin, anak, di mo rin malalaman kung alin ba ang tatawagin ko para papuntahin dito."

³⁰¹ Ilan ang nakakita na n'yan sa pagtitipon, sa tuwina't sa tuwina? Sa tuwina nga, iniiba-iba ko, at nag-uumpisa ako *rito*, *doon*. At heto rin, liban pa diyan, na may isa na pinagagaling sa entablado, nasa dosena rin ang tinatawag mismo *riyan*, kita n'yo, siyanga, na walang mga prayer card.

³⁰² Kaya walang pagkakamali na 'yan ang Panginoong Jesus Cristo, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

³⁰³ Tatalikuran n'yo po ba ang lahat, para sumunod sa Kanya? Handa na ba kayong talikuran ang inyong di-pagsampalataya, para sumunod sa Kanya para sa kagalangan? Talikuran n'yo ang inyong—inyong makamundong mga bagay, para sumunod sa Kanya sa kabanalan, at umusad para sa Kanya. Gawin n'yo 'yan ngayon. Di ko sinasabi na ipamamalas Niya. Pero kung gawin Niya, malalaman n'yo.

³⁰⁴ Ang babae po na nakatayo *rito*, ito po'y isang—isang eksena muli, gaya ng nabanggit ko kagabi, patungkol sa San Juan 4. Heto ang isang lalaki at isang babae, na unang beses pa lang nagkatagpo sa buong buhay. At doon sa munting mauupuan doon. Kung kayo po'y makapupunta sa Samaria, sa labas ng Sicar, sa—sa munting balon, may kaunting tanawin dun, na

mga baging sa gilid-gilid, na parang *ganoon*. Doon humimpil ang babae, nakipag-usap kay Jesus. Isang lalaki, isang babae, nagtagpo sa pinaka unang beses. At sinabi Niya sa naturang babae kung ano ang suliranin sa babae. Na ang suliranin ay, makasalanan siya.

³⁰⁵ Marahil *ganoon* din siya. Marahil makasalanan siya. Isa siyang nagkukunwari marahil. Isa siyang banal marahil. Ang ninanais niya marahil ay kagalingan para sa kanyang katawan. Maaari ring kagalingan para sa ibang tao ang nais niya. Maaari rin na tungkol sa pera. Ang babae, di ko alam kung ano ang sadya niya rito. Di ko masasabi sa inyo. Nakatayo lang siya riyan, isang babae. *Ganoon* lang. Yan po ang katotohanan. Di pa kami nagkikita noon. Pero kung ang Panginoong Jesus ay paririto . . .

³⁰⁶ Ngayon, ang pagalingin siya, di ko po 'yan magagawa. Di ko kasi puwedeng gawin ang bagay na ginawa na ng Diyos. Ngayon, ang tanging bagay . . .

³⁰⁷ Ano kaya kung nakatayo rito si Jesus na nakasuot nitong amerikana? Kung ang babae'y lalapit kay Jesus at magsasabi, "Jesus, maaari Mo po ba akong pagalingin?"

³⁰⁸ Buweno, sasabihin Niya, "Anak Ko, nagawa Ko na 'yan. Ako'y nasugatan dahil sa iyong pagsalangsang. Sa pamamagitan ng Aking mga latay ika'y pinagaling na." Tama ba? Tapos na itong gawa.

³⁰⁹ Marahil magtutungo kayo rito, sasabihin, "Jesus, maaari Mo po ba akong iligtas? Maaari Mo po ba akong iligtas?" Hindi po 'yan ang dapat itanong. Nagawa na kasi Niya ito.

³¹⁰ "Panginoong Jesus, tinatanggap ko ang Iyong pagtutubos. Isa po akong makasalanan." Kita n'yo? Niligtas na kayo doon pa lang noon. Pinagaling na kayo doon pa lang noon. Inyo lamang tinatanggap ito. Sa pamamagitan ng pananampalataya kayo'y naligtas. Sa pamamagitan ng pananampalataya inyong tinanggap ang inyong kaligtasan.

³¹¹ At kung may lilitaw, na sasabihin sa inyo na may kapangyarihan daw sila na nagpapagaling, at magagawa raw nilang pagalingin kayo, kayo po'y . . . tiyakin n'yo lang na lumayo kayo sa *ganoon*, dahil hindi 'yun totoo. Ang kapangyarihan ng pagpapagaling ay nakay Cristo, na isa nang tapos na gawa.

³¹² Kung may tao na magsasabi sa inyo na pinagkalooban siya ng Diyos ng kapangyarihan na magpatawad ng inyong mga pagkakasala, at gagawin daw 'yun, huwag kayong maniwala dun. Ang mga pagkakasala'y napatawad na. Si Jesus ay nakatayo rito sa gabing ito, ang tanging makapagpatawad lamang, na ihahayag nito na Siya ang Anak ng Diyos.

³¹³ Ano kaya kung Siya'y . . . Ano kaya kung hayan nga't ang mga kamay ko ay puno ng sugat mula sa pako, at may dugo na

tumutulo mula rito, at may tinik na nakapaganito *rito*? Di nga 'yun pagpapaging Jesus. Laman ko lang 'yun.

314 At alam natin na ang laman na 'yun ay nakaupo sa kanan ng Diyos. At sa pagdating nun, ubos na ang panahon. Ganoon nga. Kapag bumaba na mismo si Jesus, 'yun na ang lahat.

315 Pero haya't narito Siya sa anyong Espiritu. At mangyari nga na ang Buhay Niya ay nasa inyo at nasa akin, para bigyan kayo ng pananampalataya at bigyan ako ng pananampalataya.

316 Ngayon, tumingin po kayo rito. Itong—itong mikropono rito, kung walang tinig na nagsasalita rito ngayon, ito'y ganap na walang tunog. Tama po ba?

317 Ngayon, tingnan n'yo. Pakinggan n'yong maigi, para di n'yo ito mapalampas. Sa kasong ito, kung gagawin ng Diyos, 'yun na mismo 'yun.

318 Ngayon, ang mikropono ngang ito ay di makapagsasalita ng kung ano, dahil hindi nga ito makapagsasalita sa ganang sarili nito. Tama ba? Ngayon, ang tanging paraan lang para itong mikroponong ito'y makapagsalita, ay may magsasalita mismo rito.

319 Ngayon, heto ako. Hindi ko kilala ang babaing ito, di ko pa siya nakikita kahit kailan. Hayan nga ang mga kamay ko sa harap ng Diyos, at itinataas ng babae ang kanyang mga kamay, na di namin kilala ang isa't isa. Wala akong nalalaman na ano man tungkol sa kanya. Pero, hanggang sa may Bagay na dumating *dito*, para magsalita kung anong suliranin *doon*, ako po'y di rin makapagsasalita, hayan nga, dahil wala akong nalalaman na anuman. Alam ng Diyos na 'yan ang totoo. Kita n'yo? Kinakailangan na may Bagay na magsasalita.

320 Ngayon, maaari kayong pumili. Kung kayo, gaya ni Felipe, sabi niya . . . O, ni Natanael ang sabi niya, "Ikaw ang Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos. Ikaw ang—ang Hari ng Israel." Kita n'yo? O maaaring ang sabihin n'yo ito'y Beelzebub. Nakikita n'yo ba kung nasaan na sila sa gabing ito? Iisipin n'yo kung nasaan si Natanael sa gabing ito. Imortal. Kita n'yo? Kayo ang pumili. Nasa sa inyo 'yan. Kita n'yo?

321 Pero ngayon, sinasabi ko 'yan, na hinihintay kung ibigay Niya sa akin ang pahid. Kung di Niya ibigay ang pahid, kung ganoon may isang bagay lang ako na magagawa, mga kaibigan, at 'yun ay ang humingi ng pasensya, na di Niya ako kinatagpo sa gabing ito. At kung ganoon magpapatong na lang tayo ng mga kamay sa mga taong ito na maysakit at ipanalangin sila, at humingi ng pagpapala, tumawag ng pagdulog sa altar, at umuwi. Yun lang po ang magagawa natin. Yun lang ang nalalaman kong gawin.

322 Pero kung paririto Siya, kung ganun sa tingin ko ang bawat isa sa inyo na nagsipagtaas ng inyong kamay, na gusto n'yong

masaksihan si Cristo, sa tingin ko'y tungkulin n'yo, pagkatapos na pagkatapos nito, na pumarito kayo at lumuhod, at magsabi, "Jesus, ngayon isinusuko ko na ang buong sarili ko sa Iyo."

³²³ Dahil, kung sinungaling ako, hindi Siya kailanman magtataguyod ng isang sinungaling. Hindi Siya magkakaroon ng anumang kinalaman sa kasalanan. Hindi gagawin ng Diyos. Pero kung ang sinasabi ko sa inyo ay Katotohanan, kung ganoon ay may tungkulin Siya sa Kanyang Salita, na—na—na patunayan na Katotohanan ito.

Diyos, Iyo pong ipagkaloob.

³²⁴ Ngayon magpitagan lamang po. Kita n'yo? Sa lahat ng dako sa mga nakikinig, magpitagan lamang po.

³²⁵ Marahil makikipag-usap ako sa iyo pansumandali, ginang, tungkol sa isang bagay o kung ano. Di ko pa nararamdaman ang pahid sa akin. At di kita—di kita kakilala, at 'yun nga 'yun. Ngayon, ang tanging bagay na nais kong gawin mo, kung may itatanong ako sa iyo, sagutin mo lang ng "oo" at "hindi." Kita mo? Ngayon, ang dahilan kung bakit ginagawa ko ito. . . Sige't kunin lang natin, para ito'y. . .

³²⁶ Di nga natin gustong isantabi ang Kasulatan. Manatili lang mismo sa Kasulatan, nang sa gayon malaman natin na tama tayo.

³²⁷ Ngayon, tingnan na lamang, si Jesus, ngayon, papunta Siya noon sa ibang lugar. At nasa Kanyang daan Siya papuntang Jerico, na direktso sa kabundukan. Pero kinailangan Niyang dumaan ng Samaria, sa daan *dito*. Ngayon, ipinadala Siya ng Ama sa dakong 'yun. Sabi ni Jesus. . .

³²⁸ Sa kasunod na kabanata, sa ika-5 kabanata, nung pagalingin Niya ang isang lalaki na may kung anong suliranin. Libo-libong mga tao ang nakaratay dun, napakaraming mga pilay, bulag, pingkaw, natutuyo, naghihintay na gumalaw 'yung tubig. At dumating si Jesus, at nakita Niya 'yung lalaki na may sakit na nagpapabagal, marahil TB, o kung anong suliraning sa prostate, o kung ano. At pinagaling Niya ang lalaki, dahil alam Niya na naroon ang lalaki, at alam na ang lalaki'y sa gawi na 'yun madadaanan. Umalis na, iniwan ang iba na mga taong naroon. Umalis na, mismo. Alam natin na 'yan ang katotohanan. Tama po ba?

³²⁹ Nakita nila, nakita Siya ng mga Judio, at kinuwestyon Siya. Kukuwestyunin nila Siya uli ngayong gabi. "Bakit Niya ginawa 'yun? Kung may malasakit Siya, at iniibig ang lahat, bakit Niya iniwan ang buong karamihan dun ng mga pilay, bulag, pingkaw, natutuyo, na nakaratay lang dun?"

³³⁰ Isang lalaki lang ang pinagaling na di naman ganoong may karamdaman. Di naman niya ikamamatay. Dala na niya 'yung sakit na 'yun, nang tatlumpu't walong taon. Nagpapabagal lang.

Kung tutuusin nakakalakad siya. Sabi, “Kapag patungo na ako sa tubigan, may iba na nauuna sa akin.” Kita n’yo? “May nauuna sa akin.” Pero ’yung lalaking ’yun ang pinagaling Niya.

³³¹ At nung kuwestyunin Siya, heto ang Kanyang mga Salita. San Juan 5:19, “Katotohanan, katotohanan, sinasabi ko sa inyo, ang Anak ay di makagagawa sa ganang Sarili Niya; bagkus kung ano ang makita Niya na ginagawa ng Ama, ’yun din ang gagawin ng Anak.”

Kaya nung nagtungo Siya sa Samaria, pinangunahan Siya ng Panginoon na magtungo roon.

³³² Ngayon, pinangunahan ako ng Panginoon, na Kanyang lingkod, dito sa Phoenix. Pinangunahan Niya ako rito ngayong gabi. Ngayon narito ako, na ipinahahayag ang Kanyang mga paghahayag.

³³³ Ngayon, nung magtungo si Jesus sa Samaria, ang unang bagay na nasumpungan Niya ay isang babae na papalapit sa Kanya. Nakipag-usap Siya sa babae hanggang sa makita Niya kung anong kalagayan ng babae. Nung sabihin Niya ito sa babae, dali-dali na napagkilala ng babae na ito’y maaaring ang propeta o ang ipinangakong Mesiyas. Sinabi Niya na Siya ang Mesiyas. Kita n’yo?

³³⁴ Heto nga na alam natin na ang mga propeta’y sa mga araw na nagdaan. Ngayon ay si Cristo. “Ang Diyos na nagsalita nang unang panahon sa mga magulang sa iba’t ibang paraan sa pamamagitan ng propeta; sa huling mga araw na ito ay sa pamamagitan ng Kanyang Anak, na si Cristo Jesus,” ang Espiritu Santo na narito sa atin.

Ngayon narito na Siya.

³³⁵ Naramdaman mo ’yun. [Sinasabi ng kapatid na babae, “Opo.”—Pat.] Gusto kitang tanungin, bilang isang Cristiano sa isa pa. Nung pagbaling na pagbaling ko lang doon, masasabi mo na may bagay na nangyari, isang tunay na kalugud-lugod, na mapagpakumbabang Espiritu. Tama ba? Itaas mo ang iyong kamay kung totoo, para makita ng mga tao. Kita n’yo? Ngayon, sa mga sandaling ito ngayon, habang nakatingin sa babae, kung nakikita n’yo siya (Nakikita n’yo roon?), may kulay amber na Liwanag, na umaaligid sa babae.

³³⁶ Ngayon nakikinita ko siya na lumalakad palayo sa akin. Hindi. Ibang tao po. Ibang babae. Ito’y, nananalangin ka para sa isang babae, ibang tao. Ang biyenan mong babae. At may sakit siya sa—sa bato. At—at isa lang ang bato niya. At ikinatatakot mo na baka kanser ito. At ’yan ang dahilan kung bakit naparito ka, para hilingin sa akin na ipanalangin siya. Yan po’y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Ikaw ba’y nananampalataya? Humayo ka, na sumasampalataya nang buong puso mo, at di na nila ’yun gagalawin pa. Huwag kang mag-alinlangan. Iuwi mo ’yang munting bagay na nasa kamay mo, ipatong mo sa kanya.

337 Sumasampalataya ba kayo nang buong puso n'yo?

338 Kumusta ka? Tayo'y estranghero, rin, sa isa't isa. Ang una nating pagkikita. At kung... Ang Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang Anak, na si Jesus Cristo, ay ipinadala ang Kanyang Espiritu. Sabi ni Jesus, "Sapagkat kung saan nagkakatiyon ang dalawa o tatlo sa Aking Pangalan, Ako'y naroon sa gitna nila." Yun ang Kanyang pangako, di po ba? Ngayon, di nga Niya puwedeng bawiin ang Kanyang pangako.

339 Ang tanging bagay, ay, napakapuroh natin sa pananampalataya, na anupa't bigo tayo na makita Siya. Yan ang dahilan kung bakit nagpapadala ang Diyos ng mga propeta sa lupa. Kita n'yo, di nagbabasa ng kanilang Biblia ang mga tao, at di sila—di sila, patuloy lang sila, kaya nagpapadala sa kanila sa tuwina ang Diyos ng isang tanda. At kadalasan ang isang propeta'y isang tanda. Kita n'yo? At ngayon ang Espiritu Santo ang ating Tanda, dahil Siya'y Propeta ng Diyos na kumikilos sa atin. Siya ang Propeta ng Diyos, isang Tanda sa huling mga araw.

340 Ngayon, haya't di kita kakilala, at wala akong nalalaman tungkol sa iyo. Pero kung ang Panginoong Jesus Cristo, na kababanggit ko lang, mula sa Biblia, ay mangungusap sa pamamagitan ko at sasabihin sa iyo kung ano ang itinayo mo rito, ibubunsod ka ba nun na manampalataya? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Opo."—Pat.] Ibubunsod ba n'yan na ang mga naritong nakikinig ay manampalataya?

Ngayon, ang Ama'y nakikinig. Batid ko.

341 Dumaranas ka ng sakit na pagkanerbiyos. Tama. Kung tama, itaas mo ang kamay mo.

342 Ngayon, mayroon diyan na iniisip na hinulaan ko lang 'yun. Ngayon, di mo 'yan maitatago, kapatid na lalaki. Umaabot din 'yan dito. Kita mo? Nahagip ko 'yun. Kung di kayo maniniwalaan. Kung di n'yo 'yun paniniwalaan. Kasalanan 'yan. Di 'yan pagsampalataya. Hahatulan ka ng Diyos dahil diyan. Magsusulit ka sa Araw ng Paghatol. Dapat ko talagang banggitin 'yun, pero kadalasan nalalagay ako sa alanganin.

343 Hindi ko alam kung anong sinabi Niya sa iyo. Sandali lang po. Oo, hayan nga ito, isang anino. Ito'y pagkanerbiyos, panghihina. Nanghihina ka dahil dito, pinasasama ang buong kalagayan, taglay mo nang matagal na. Siyanga. May iba ka pang suliranin, hayan nga. May tao ka na ipinapanalangin. Ang asawa mong lalaki, na nasa ospital, na may suliranin sa tiyan, ka-opera lang sa kanya. Gng. Good, makauwi ka na, manampalataya ka nang buong puso mo. At ipatong mo 'yan sa kanya, at siya'y—siya'y gagaling. Pagpalain ka ng Diyos.

344 Nakikilala ka ba Niya? Tunay? Tunay, nakikilala ka Niya. Nakikita ko. Yang... Napagtatanto n'yo ba na ang siya ring

Jesus na lumakad noon sa Galilea ay ang siya ring Jesus na narito sa gabing ito? Napagtatanto n'yo na ba?

³⁴⁵ Ngayon, wala nga akong nalalaman na bagay. . . Sa tingin ko sa babaing ito na ipinanalangin, *diyana* lamang. Tama ba? Mayroon ba riyon sa inyo na nakakakilala sa babae? Mayroon bang nakakakilala sa babae? Itaas n'yo ang inyong kamay. Ang mga bagay bang 'yun ay tama? Iwagayway n'yo ang mga kamay n'yo, kung ganoon. Hayan nga *riyan*. Mainam.

³⁴⁶ Halika. Nakakapagsalita ka ba ng Ingles? [Sinasabi ng kapatid, "Opo, ginoo."—Pat.] Ayos lang. Indian? ["Indian."] Ako'y may paggalang sa iyo; isang tunay na Amerikano. Sa tingin ko hindi. . . Ako, haya't isang tao lang, di ako makagagawa ng desisyon. Desisyon lang para sa sarili ko ang nagagawa ko. Pero iniisip ko na di kayo naaasikasong mabuti. Alam mo di ako sang-ayon. Sa tingin ko, sa halip na magpadala sila ng milyun-milyon at bilyun-bilyong dolyar, sa ibayong-dagat, mas mabuti sana kung asikasuhin nila kayo. Tama. Tama. Ganoon nga mismo. Ang puso ko nga'y nagmamalasakit sa inyo sa tuwina. Nasa reserbasyon ako sa San Carlos, di pa katagalan. Ganoon na lamang ang pagkilos ng Espiritu Santo sa dako roon, pinagaling sila na abang mga tao!

³⁴⁷ Estranghero ako sa iyo, ginoo. Di kita kakilala. Di pa kita nakikita sa buong buhay ko. Ganap na estranghero tayo sa isa't isa. Siyanga. Dalawang nasyonalidad tayo. Isa akong Anglo-Saxon; ikaw nama'y Indian. May kaunti akong dugo nito mula sa aking nanay. Ang lola ko'y isang Cherokee. Ipinagmamalaki ko ito. Siyanga. Pero bilang iyong kapatid, wala akong gagawin na ikapapahamak mo. Narito ako para tumulong sa iyo.

³⁴⁸ Sa tribong Indian, noong unang panahon, kung mayroon sa kalagitnaan nila, na nakapanghuhula at nakapagpapakita kung nasaan ang huhulihin, siya'y nagiging propeta sa kalagitnaan nila. At sila nga'y. . . Pero kung mali ang hula niya sa isang bagay, kailangan niyang mamatay dahil dun. Marapat lamang. Siyanga. Hindi sila nagpapalampas ng pagkakamali.

³⁴⁹ Kung ang Diyos ay Diyos. . . Marahil itong bansa'y di tama ang trato sa inyo, pero ang Diyos nga'y di magiging ganoon ang trato sa inyo. Ipinadala Niya ang Kanyang Anak para sa inyo.

³⁵⁰ Nakita ko kung anong nangyari. Kagagaling mo lang sa ospital. Uh-huh. Pumunta ka rito para maipanalangin. May problema ka sa tiyan, at naka-iskedyul na maoperahan. GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Halika rito.

Makalangit na Ama, sinasaway ko ang sakit na ito sa tiyan.

³⁵¹ Satanas, nakapagtago ka mula sa doktor, pero hinding-hindi ka makatagtago mula sa Diyos. Lumabas ka mula sa kanya, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

Huwag mo na itong alalahanin pa. Humayo ka, magiging maayos na ang lahat.

Sumasampalataya ba kayo?

Kumusta ka?

³⁵² Itong munting binibini na nakaupo *rito*, na nananalangin, dito mismo sa likod ng kabataang babae na nakaupo sa harap, na may sakit sa pantog, nananampalataya ka ba na pagagalingin ka ng Panginoong Jesus, binibini? [Sinabi ng kapatid na babae, “Nananampalataya ako na ako’y pinagaling na Niya.”—Pat.] Hayan nga.

³⁵³ Sabihin n’yo sa akin kung Sino ang hinipo ng babae. Ang babae nga’y dalawampung talampakan ang layo mula sa akin. Ang hinipo niya’y ang Dakilang Saserdote, tama, na nahihipo’t nahahabag sa ating mga kahinaan. Sinasampalatayanan n’yo ba ’yan?

³⁵⁴ Sinasampalatayanan mo ba, binibini? [Sinabi ng kapatid na babae, “Opo.”—Pat.] Nananampalataya ka ba na masasabi sa akin ng Diyos kung ano ang suliranin sa iyo? [“Opo, ako po’y nananampalataya.”] Hindi ikaw ang may suliranin, ang kapatid mong babae. May kanser siya. Siyanga. Huwag. . . Ikaw nga’y manampalataya, huwag mag-alinlangan. Sige’t iuwi mo ’yang panyo na kinuha mo para sa kanya, at ipatong mo sa kanya. Manampalataya ka nang buong puso mo. Siya’y makararaos din dun, kung ikaw nga’y manampalataya nang buong puso mo. Sige puwede ka nang bumaba. Uh-huh.

³⁵⁵ Manampalataya. Nananampalataya ba kayo nang buong puso n’yo?

Bumaba na Ito ng entablado. Nasa mga nakikinig na.

³⁵⁶ Sa munting, payat na babae na nakaupo sa likod diyan, na may TB. Nakaupo sa likod diyan, nananalangin. Ikaw ba’y nananampalataya na pagagalingin ka ng Diyos? Siyanga ba? Ang munting ginang na nakatingin nang direktso rito, diyan sa likod na likod. Itaas mo ang iyong kamay, diyan sa likod, ginang, diyan sa likod ng lalaki na lumingon. Manampalataya ka nang buong puso mo. Oo. Ang munting, maiksi ang buhok na babae. Sige. Ganyan nga. Sampalatayanan mo, at tapos na ’yan.

³⁵⁷ Ano ang hinipo niya, samantalang nasa likod na likod? Hinahamon ko nga kayo na sampalatayanan ito.

³⁵⁸ Ikaw din, binibini? Nananampalataya ka ba na ’yang sakit mo sa likod ay nilisan ka na, mula sa pagkakatayo mo rito? Buweno, kung ganoon, maka-uusad ka na. Yun lang ang kailangan mong gawin. Manampalataya lang nang buo.

³⁵⁹ Mayroon ka rin nun. Kaya kung makasampalataya ka, umusad ka lang, na nagsasabi, “Salamat sa Iyo, Panginoon. Iyo pong pagalingin ito.” Manampalataya nang buong puso n’yo.

360 Natatakot ka na baka malumpo ka dahil sa arthritis. Hindi po ba? Kaya kung sumasampalataya ka, sumampalataya ka nang buong puso mo, humayo ka na sumasampalataya nang buong puso mo, at mapagaling. Yun lang ang kailangan mong gawin, ang manampalataya.

361 Sumasampalataya ba kayo? Kayo po riyan? Kayo ba'y sa pananampalataya, sumasampalataya?

362 Ano kaya kung sabihin ko na pinagaling ka na ni Jesus, sa pagkakatayo riyan, sasampalataya ka ba? [Sinasabi ng kapatid na babae, "Amen."—Pat.] Magsimula ka nang lumakad, kita mo, na sumasampalataya nang buong puso mo.

363 Gusto mo bang makauwi na't, makakain ng iyong hapunan? Sumasampalataya ka ba na 'yang dating tiyan mo na may pagkannerbiyos ay umalis na sa iyo? Humayo ka na, puwede ka nang kumain kung gusto mo. Manampalataya.

Sumasampalataya ba kayo?

364 Diyan po sa babae na nakaupo riyan, nananalangin para sa munti, sa batang 'yan, na may sakit sa dugo? Sumasampalataya ka ba na pagagalingin ng Diyos ang bata? Sige, makakamit mo.

365 Umantig 'yun sa binibini, na nasa—nasa kasunod mo riyan. Nakaupo siya riyan na ipinapanalangin ang sakit na pagkannerbiyos, hayan nga, sa tabi mo. Siyanga rin, may kapatid kang lalaki na may sakit sa pag-iisip. Tama. May nanay ka na may sirang mata. Kung nananampalataya ka nang buong puso mo, pagagalingin sila ng Diyos. Amen.

366 Sumasampalataya ba kayo sa Kanya?

367 Diyan naman sa dako rito, sa silyang de gulong? Ikaw ba'y nananampalataya? Ang anak mong lalaki 'yan na nakaupo riyan, na sinabi 'yun ngayon-ngayon lang. Ang anak mong lalaki 'yan. May kanser ka sa iyong mukha. Nahihirapan kang makarinig. Gusto mong makamit ang bautismo ng Espiritu Santo. Siyanga. Kung sinasampalatayanan mo ito nang buong puso mo! Sumasampalataya ka ba para sa kanya, iho? Ikaw ba'y sumasampalataya nang buong puso mo? Sabihin mo sa tainga niya. Ipatong mo ang iyong kamay sa kanya, at hayaan mong matanggap niya ang bautismo ng Espiritu Santo.

368 Sumasampalataya ba kayo na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman?

369 Nananampalataya ba kayo na ang Mesiyas, ang dakilang Mesiyas ng Diyos, ay kumikilos sa kalagitnaan ng Kanyang mga hirang?

370 Handa na ba kayong talikuran ang lahat at sumunod sa Kanya? Kung handa nga kayo, itaas n'yo ang inyong mga kamay sa Kanya, at sabihin, "Ako'y susunod sa Kanya. Ako'y susunod sa Kanya. Ako'y mananampalataya sa Kanya. Bawat Salita na sinasabi Niya, sasampalatayanan ko Siya. Itutuwid ko ang

buhay ko. Gagawa ako para sa Kanya.” Mahabag ang Diyos! Pagpalain kayo ng Diyos.

371 Ilan ang mga mananampalataya na narito ngayon? Itaas n’yo ang inyong kamay.

372 Ilan ang nagnanais na makalapit sa Kanya? Itaas n’yo ang inyong kamay. Lahat ng nagnanais na makalapit sa Kanya at tanggapin Siya sa oras na ito mismo, narito Siya. Ito ang Kanyang Presensya.

373 Ang lalaki sa likod na may suliranin sa prostate, tapos na ’yan, kapatid. Pinagaling ka na ng Diyos nito-nito mismo.

374 Hayan nga, Ito’y kumikilos sa lahat ng dako nang paganito, sa Ilaw, pumapalibot sa buong gusali. Anuman ay maaaring mangyari ngayon. Maaari tayong magkamit ng pentecostes uli, kung makasampalataya kayo rito.

375 Tumayo kayo, ang bawat isa sa inyo. Itaas n’yo ang inyong mga kamay sa Diyos. Bigyan n’yo Siya ng papuri.

376 Salamat sa Iyo, Panginoong Jesus. Sinasamba Ka namin, Ama, dahil Ikaw ang aming Tagapagligtas at aming Diyos. Narito Ka. Pinagtibay Mo ang Salita. Pinatunayan Mo Ito na tunay talaga. Ikaw ang Diyos, ang Mesiyas, ang siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Nang walang kabiguan, walang pag-aalinlangan, Ikaw ang siya ring Panginoong Jesus. Purihin ang Kanyang Banal na Pangalan!

377 Iniibig n’yo ba Siya? Sabihin n’yo, “Amen.” [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.]

378 Ilan sa inyo ang mga mananampalataya na ngayon? Itaas n’yo ang inyong kamay. Ngayon, sinabi ito ni Jesus, Mismo, “Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga sumasampalataya. Kung magpatong sila ng kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila’y magsisigaling.” Hindi lang ako ang may kamit ng Espiritu Santo. Kamit n’yo rin Ito, siyanga. Kayo’y mananampalataya, kagaya ko rin na ako’y mananampalataya. Ngayon talikuran n’yo ang lahat ng inyong pag-aalinlangan.

379 Ipatong n’yo ang inyong kamay sa kung sino rian at manampalataya na pagagalingin ng Diyos ang taong ’yun, batay sa Kanyang Salita. Kung itutuloy-tuloy Niya ang ganito mismong. . . Sige ipatong n’yo ang inyong kamay sa kung sino rian, manalangin kayo para sa kanila, sabihin, “Panginoon, pagalingin Mo po ang taong ito.” Manalangin at tingnan n’yo kung anong mangyari. Isa kayong mananampalataya.

380 Diyos na Makapangyarihan sa lahat, sa Pangalan ni Jesus Cristo ay ginapi namin ang diyablo. Sinasaway namin siya, at hinahapak ang kanyang kapangyarihan mula sa kanya. Sa pamamagitan ng mga latay ng Panginoong Jesus Cristo kami’y pinagagaling.



PAGTALIKOD SA LAHAT TAG62-0123

(Forsaking All)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Martes ng gabi, Enero 23, 1962 sa Sunnyslope Assembly Of God sa Tempe, Arizona, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2021 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org